# INDEKS

PAG-AARAL AT PAGSUSURI SA MGA PANLIPUNANG ISYU AT KALAGAYAN



Salin ng piling mga pahayag ni JMS

# PAUNANG SALITA

Inililimbag ng KARED-TK ang INDEKS Tomo 2, Bilang 1, corrected version, na naglalaman ng kompilasyon ng mga piling pahayag at mga talumpati ni Kasamang Jose Maria Sison mula Oktubre 2019 hanggang Abril 2020 hinggil kay Duterte; hinggil sa imperyalismo; hinggil sa peace talks at hinggil sa rebolusyong Pilipino. Lahat ng mga pahayag at talumpati ay malayang salin ng KARED-TK maliban sa dalawang artikulo na Paigtingin ang pakikibaka laban sa rehimeng Duterte, isulong ang kilusang pambansa- demokratiko ng bayan (Disyembre 14, 2019) at Mag-aral ng MKLRP para maging matatag at militante sa pakikibaka: Pagbati sa launching ng ika-4 na edisyon ng MKLRP (Oktubre 12, 2019) at ang buong seksyon ng hinggil sa Peace Talks na upisyal na salin ng PAKED-KAWSA nitong Setyembre 2021 na ipinalit sa salin ng KARED-TK.

Papailalim ito sa anumang upisyal na pagsasaling ilalabas ng Komite Sentral ng Partido, National Democratic Front of the Philippines, PAKED, Pambansang Komisyon sa Propaganda at iba pang pambansang organo ng Partido.

Ang pagsisikap na ito ng KARED-TK sa ilalim ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan ay pagtugon sa panawagan ng pambansang sentro (KTKS) na isalin ang mga makabuluhan at napapanahong mga pahayag at artikulo para patuloy na maitaas ang pampulitikang kamalayan ng Partido, Hukbo at baseng masa; maging sandatang kaalaman sa gawaing pagpukaw at pulitikalisasyon sa malawak na masa ng sambayanan, at paghikayat sa patuloy na pag-aaral sa kalagayan ng lipunan at mga tungkulin ng rebolusyon.

Maliban sa mga salin ng mga piling pahayag ni JMS, gumawa rin ang KARED-TK ng kaukulang mga gabay sa pagtalakay/*discussion points* (INDEKS Talk) para makatulong sa ating mga propagandista, organisador at mga edukador at mapasigla at mapaunlad pa ang ating mga rebolusyonaryong gawain.

Tatanggap din ang KARED-TK ng mga komento at/o mungkahi sa pagpapaunlad pa ng gawain sa pagsasalin at gayundin sa binalangkas na mga gabay sa pagtalakay. Maraming salamat.

Mula sa Patnugutan ng INDEKS Oktubre 2021

# JMS

## hinggil sa Rebolusyong Pilipino



# NILALAMAN:

MAG-ARAL NG MKLRP PARA MAGING MATATAG AT MILITANTE SA PAKIKIBAKA: Pagbati sa Paglulunsad ng Ika-4 na Edisyon ng MKLRP 2
Oktubre 12, 2019

ANG REBOLUSYONG PILIPINO: ISANG MAIKLING PAGBABALIK-TANAW 4
Oktubre 29, 2019

ANG KASAYSAYAN NG ANTI-IMPERYALISTANG PAKIKIBAKA AT DIGMANG BAYAN SA PILIPINAS 19
Nobyembre 6, 2019

MGA REKISITOS PARA SA REBOLUSYONARYONG MAKAURING PAKIKIBAKA AT SA PAGTATATAG NG SOSYALISTANG HINAHARAP 31
Setyembre 2019

HINGGIL SA REBOLUSYONARYONG PAKIKIBAKA NG MAMAMAYANG PILIPINO PARA SA PAMBANSA AT PANLIPUNANG PAGLAYA 48
Enero 9, 2020

TIYAK NA MABIBIGO ANG BINAGONG TAKDANG PETSA NG PAKANANG WASAKIN SA BHB SA PAG-IGTING NG DIGMANG BAYAN 50
Enero 1, 2020

Ang INDEKS ang opisyal na publikasyon ng KARED-TK na naglalaman ng mga pantulong na babasahin para sa mga edukador at propagandista sa rehiyong Timog Katagalugan.

# MAG-ARAL NG MKLRP PARA MAGING MATATAG AT MILITANTE SA PAKIKIBAKA: PAGBATI SA PAGLULUNSAD NG IKA-4 NA EDISYON NG MKLRP

Mensahe para sa *launching* ng ika-4 na edisyon ng MKLRP
12 OKTUBRE 2019

Mahal na mga kapwa aktibista,

Bilang may-akda ng Lipunan at Rebolusyong Pilipino, ikinagagalak at ikinararangal ko ang paglulunsad ng ika-4 na Edisyon ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) sa hanay ng mga nagsasanay na instruktor ng Pambansa-Demokratikong Paaralan at sa harap ng masang aktibista mula sa iba't ibang pormasyon na inanyayahan ng Anakbayan-National at League of Filipino Students.

Nagpapaabot ako ng maalab na pagbati at pakikiisa sa inyong lahat. Nagpapasalamat ako sa Anakbayan, League of Filipino Students at PADEPA sa paanyayang magbigay ng maigsing paliwanag kung bakit napapanahon at angkop sa kasakuluyang kalagayan ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino at ang Maikling kurso hinggil dito.

Kalaban natin ngayon ang isang rehimen na sumasalungat sa rebolusyonaryong tradisyon at mga makasaysayang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya, pinagtatakpan ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo bilang mga pundamental na problema ng bayan at madugong sinusupil ang rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino na nagpapatupad sa programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ipinapalagay ng tiranikal na rehimeng Duterte na hindi na makakahulagpos ang sambayanang Pilipino mula sa malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema ng mga malaking kumprador, asendero at mga korap na burukratang sunud-sunuran sa mga dayuhang monopolyo kapitalista. Mas masaklap pa, gumagamit si Duterte ng kamay na bakal para panatilihin ang sistema, supilin ang mga anakpawis at magtayo ng pasistang diktadura.

Mag-aral tayo ng MKLRP para humango ng inspirasyon at patnubay mula sa mga pakikibaka ng mga henerasyon ng mga Pilipino na gumapi sa kolonyalismo ng Espanya, lumaban sa agresyon at kolonyalismo ng Estados Unidos, nagwakas

sa okupasyon ng mga pasistang Japanese sa Pilipinas at nagpatuloy ng laban sa imperyalismong US at mga alipures nito hanggang sa kasalukuyan.

Ikinakalat ng tiranong Duterte at mga utusan niyang militar na komunismo ang tangi o pangunahing problema. Ito ay garapal na pagsisinungaling at panggagago sa masang Pilipino. Malayong wala pa sa *agenda* ng sambayanang Pilipino ang isyu ng sosyalismo, laluna ang komunismo, bilang maningning na hinaharap ng masang anakpawis, kung malulutas muna ang mga kasalukuyang pangunahing problema ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Mag-aral tayo ng MKLRP para alamin kung paano umiiral ang naturang mga problema na salot sa bayan sa pamamagitan ng mga nagsasamantalang uri ng mga malaking kumprador burgesya, panginoong maylupa at mga burukrata kapitalista na kasalukuyang pinagungunahan ni Duterte. Maiintindihan natin na kailangan ang pamumuno ng uring proletaryo, ang pangunahing lakas ng uring magsasaka, ang tulong ng mga panggitnang saray at ang pakikinabang sa hidwaan ng mga reaksyonaryo para labanan at gapiin ang pangunahing kaaway.

Gustong panatilhin ng rehimeng Duterte ang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema subalit ito ay laging niyayanig ng krisis sa ekonomiya at sa pulitika at bunga nito'y lalong pinatitindi ang pang-aapi at pagsasamantala sa sambayanang Pilipino. Palatandaan ng malubhang panghihina ng sistema ang muling pagsulpot ng paghahari ng lantarang lagim na dating ipinamalas ng pasistang diktadurang Marcos at ngayo'y pinaiiral ni Duterte sa kanyang ambisyon na maging pasistang diktador din.

Mag-aral tayo ng MKLRP para maunawaan ang pangkalahatang programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan at estratehikong linya ng digmang bayan. Sa gayon, malalaman natin kung paano kumilos para labanan at gapiin ang mga halimaw na nagsasamantala at nang-aapi sa sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng pamumuno ng rebolusyonaryong partido ng uring manggagawa, ang digmang bayan at nagkakaisang hanay.

Sa malas, malakas si Duterte, subalit sa kaibuturan mahinang-mahina siya. Sa katotohanan, lantad na lantad na ang mga krimen ng rehimeng Duterte bilang traydor, berdugo, supremo ng mga *drug lord,* mandarambong at manggagantso. Tulad ni Marcos, siya ngayon ang numero-unong *recruiter* ng armadong rebolusyon dahil sa kalupitan at pandarambong niya. Siya rin ang hepeng *supply* at *transport officer* ng armadong rebolusyon dahil sa insinusubo niya ang

kanyang mga tropa at pulis na pinagkukunan ng armas ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pamamagitan ng mga tambang at salakay.

Mahalaga ang pag-aaral sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino dahil sa ibinibigay nito ang pangkasaysayang konteksto ng rebolusyong Pilipino, tinutukoy ang mga pwersang halimaw na nagpapahirap sa sambayanang Pilipino at ilinalahad ang solusyon sa mga problemang ito nang sa gayon makamtan ang ganap na pambansang kalayaan, demokrasya, hustisyang panlipunan, pag-unlad ng ekonomya, pagyabong ng makabayang kultura at mapayapa at mabungang pakikipag-ugnayang panlabas.

Mabuhay ang Anakbayan, League of Filipino Students at PADEPA!
Paghusayan ang pag-aaral sa MKLRP sa ilalim ng PADEPA!
Mabuhay ang sambayanan at rebolusyong Pilipino!

---

# ANG REBOLUSYONG PILIPINO: ISANG MAIKLING PAGBABALIK-TANAW

Mensahe sa taunang Kongreso sa Literatura at Rebolusyon
sa Latin America na may temang: Ang Anti-Kolonyal na Katauhan ng Sangkatauhan
29 OKTUBRE 2019

Mga kasama at kaibigan,

Ikinararangal at ikinagagalak kong maanyayahan sa seminar na ito, na inilulunsad sa okasyon ng taunang "Kongreso para sa Literatura at Rebolusyon" na may tema ngayong taon na, "Ang Anti-kolonyal na Katayuan ng Sangkatauhan". Batid kong ang pokus nito ay ang pakikibaka ng mamamayan sa Ikatlong Daigdig laban sa imperyalismo at kolonyalismo.

Nagpapasalamat ako sa mga nag-organisa mula sa Teatro dos Desoprimidos Project para imbitahin akong magtalakay hinggil sa rebolusyong Pilipino at ipakita ang pinagmulan, pangkalahatang linya, pag-unlad, mga pag-atras at pagwawasto at mga prospek natin.

Ipinapaabot ko ang aking pinakamainit na pagbati ng pandaigdigang pakikipagkaisa sa inyo, mga mahal na organisador, mga kapwa kong *lecturer* na magtatalakay hinggil sa pakikibakang masa sa Asya, Aprika, at Latina

Amerika at sa lahat ng dumalo at kalahok mula sa Espiritu Santo Federal University mula sa iba't ibang sektor ng mga progresibong intelektwal.

## 1. Mga Pinagmulan

Sinakop ng Espanya ang Pilipinas higit 300 taon mula ika-16 na siglo. Kapos pa sa pambansang kamulatan, lumahok sa mahigit 200 lokalisadong pag-aalsa ang mamamayan sa iba't ibang mga komunidad sa buong kapuluan. Pero ang mga ito ay nagapi kahit na tumagal ito nang daan-daang taon. Nakapagpataw ang Espanya ng isang kolonyal at pyudal na sistema sa mamamayan na may magkakaibang tipo ng lubhang lokalisadong mga komunidad.

Pero ang sentralisadong sistema ng kolonyal na administrasyon, pang-aapi at pagsasamantala ay nagresulta sa pagkakabuo ng pambansang kamalayan sa hanay ng mga inaapi at pinagsasamantalahang mamamayan. Napagtanto nilang kaya silang pagharian ng isang sistema dahil nahahati sila sa magkakahiwalay na mga komunidad at sa gayo'y naging bulnerable sa panggagahis gamit ang espada at krus. Sinimulan ng rebolusyonaryong organisasyon ng Katipunan ang rebolusyong Pilipino noong 1896 nang nanawagan ito para sa pambansang kalayaan ng mamamayang Pilipino laban sa kolonyalistang Espanyol. Sa panahong iyon, ang pamunuan ng rebolusyon ay nagdadala ng burgis-liberal na ideolohiya at tinarget ang kolonyal na administrasyong Espanyol at ang relihiyosong grupo nitong nagmamay-ari ng malalawak na lupain.

Nagtagumpay ang rebolusyong Pilipino laban sa kolonyalistang Espanyol sa buong kapuluan noong 1898. Pero may sariling plano ang US para sakupin ang Pilipinas. Dinigma nito ang Espanya kung saan inagaw niya ang mga pag-aaring kolonyal nito. Noong Disyembre 10, 1898, nagkaroon ng kasunduan sa Paris sa pagitan ng US at Espanya na nagluwal ng pagbebenta ng Pilipinas sa US sa halagang $ 20 milyon.

Naglunsad ng gera ng pananakop ang US laban sa bagong republika ng Pilipinas, mula Pebrero 4, 1899. Magiting at matapang na lumaban ang mamamayang Pilipino. Pero nagtagumpay ang US gamit ang superyor na pwersang militar. Gamit ang 75,000 tropang armado ng masinggan at kanyon, minasaker nito ang 1.5 milyong Pilipino mula 1899 hanggang 1913. Napasuko rin nito ang ilang lider ng gobyerno ng Pilipinas na nagmula sa uring panginoong maylupa.

Nagsimulang ilatag ng US ang batayan para sa isang bagong kolonyal na rehimen noong 1902 sa ilalim ng panawagang "mapayapang asimilasyon" at pagpapasuko sa mga susing pinuno ng gobyerno ng Pilipinas, kahit na nagpapatuloy pa ang pambansang pag-aalsa. Sa ikalawang dekada ng ika-20 siglo, kinonsolida na ng US ang kanyang kapangyarihan sa isang kolonyal at malapyudal na naghaharing sistema.

1930 itinatag ng mga Pilipinong lider-unyonista ang Communist Party of the Philippine Islands (CPPI), sa gabay ng Ikatlong Komunistang Internasyunal at ng Communist Party of USA. Itinaguyod ng CPPI ang Marxismo-Leninismo bilang gabay sa pagkilos at ang makauring pamumuno ng proletaryado sa pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Ginawang iligal ang CPPI matapos itong itatag at ang mga lider nito ay inaresto at hinatulan ng sedisyon kung saan ikinulong sila o idinistyero. Pero noong 1936 pinahintulutan ng US ang papet na presidenteng si Quezon na palayain ang mga lider nito mula sa bilangguan at pagkadistyero sa balangkas ng antipasistang prenteng popular sa buong daigdig laban sa mga pasistang kapangyarihan. Sumanib ang CPPI sa Socialist Party para itatag ang isang partido noong 1938.

Matapos sakupin ng Japan ang Pilipinas noong 1941, nagpasya ang pinagsanib na partido na itatag ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (HUKBALAHAP) noong 1942. Sa pakikibaka laban sa mga mananakop, lumakas ang hukbong ito sa Gitnang Luzon, isang rehiyon na karatig ng Maynila, at nagpatupad ng reporma sa lupa, pagpapalakas sa kilusang magsasaka at iba pang organisasyong masa at ang pagtatatag ng lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika.
Kung hindi dahil sa mayor na mga pagkakamali ng liderato ng pinagsanib na CPPI-SP noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at mga sumunod na taon, naging mas malakas sana at mas may kakayahan ang mamamayang Pilipino at kanilang rebolusyonaryong pwersa na labanan ang pagbabalik ng imperyalismong US at pagkakamit ng pambansang kalayaan at demokrasya. Sa halip, muling nakapangibabaw ang imperyalismong US at ginawang malakolonyal at malapyudal ang sistemang pinatatakbo ng mga papet na pulitikong kumakatawan sa malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Dahil sa mga kamaliang adbenturista noong 1948 hanggang 1949, napahina ng pinagsanib na partido ang kanyang sarili, at umabot sa puntong naging insignipikante ito at halos mawasak ang hukbong bayan at iba pang

rebolusyonaryong pwersa mula 1952. Naging bagong tungkulin ng batang mga proletaryong rebolusyonaryo mula sa hanay ng mga kabataan, unyon ng mga manggagawa at samahang magsasaka ang pagbuhay sa partido mula 1963 hanggang sa iniwan na ito noong 1966 nang ang mga elementong rebisyunista ay nagiging sagla na sa pag-abante ng rebolusyonaryong kilusan.

**2. Pangkalahatang Linya**

Muling itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 26, 1968 sa teoretikong gabay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong/Maoismo, ang pangkalahatang pampulitikang linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at ng prinsipyong pang-organisasyon na demokratikong sentralismo.

Inilalapat natin ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong/Maoismo sa pag-aaral sa kasaysayan at kongkretong sirkumstansya ng mamamayang Pilipino at determinado tayong higit itong gamitin sa pagsasakatuparan at pagsusulong ng rebolusyong Pilipino. Itinuturing nating mapalad ang ating mga sarili dahil ang ating rebolusyonaryong kaalaman at pagtanaw sa kinabukasang sosyalista at komunista ay pinagyaman ng turo ni Kasamang Mao sa balangkas ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura sa China.

Malinaw sa atin na ang ating pangkalahatang pampulitikang linya ay isulong at isakatuparan ang demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan laban sa imperyalismong US, katutubong pyudalismo at burukrata kapitalismo. Ipinagpapatuloy natin ang di natapos na rebolusyong sinimulan ng Katipunan na binigo ng gerang agresyon ng imperyalismong US. Pero malinaw rin sa atin na naglulunsad tayo ng isang bagong demokratikong rebolusyong pinamumunuan ng uring manggagawa sa panahon ng modernong imperyalismo at rebolusyong proletaryo.

Sa pagsusulong ng pangkalahatang linya, mulat nating itinatayo ang tatlong rebolusyonaryong sandata ng mamamayang Pilipino: ang CPP bilang abanteng destakamento ng uring manggagawa at nangungunang pwersa ng rebolusyon; ang BHB bilang pangunahing instrumento para wasakin ang kapangyarihan ng estado ng reaksyunaryong uri at gumarantiya sa pagtatatag ng organo ng demokratikong kapangyarihan ng mamamayan; at ang pambansang nagkakaisang prente, na suportado ng nagkakaisang prenteng antipyudal sa kanayunan.

Binubuo ng CPP ang sarili sa ideolohiya sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsasapraktika ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong/Maoismo. Naglulunsad ito ng panlipunang pagsisiyasat at naglalabas ng pahayag at mga aksyon hinggil sa mahahalagang usapin. Ang mga organo at yunit ng Partido sa iba't ibang antas ay patuloy na nangangalap ng napapanahong ulat para sa kolektibong talakayan at pagpapasya. Inilulunsad ang paaralan ng Partido sa batayan, intermedya at abanteng antas para sa edukasyon ng mga kadre at kasapi nito. Naglulunsad ng pagsasanay pulitiko-militar ang Partido para sa mga kadre at mandirigma ng hukbong bayan, milisyang bayan at yunit pananggol-sa-sarili.

Itinatayo ng partido ang sarili sa pulitika sa balangkas ng pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan. Nagmumulat ito, nag-oorganisa at nagpapakilos sa masa. Naglulunsad ito ng pampulitikang edukasyon sa pangkalahatang linya at hinggil sa maiinit na isyu. Ipinatutupad nito ang absolutong pamumuno sa BHB. Nagtatatag ito ng iba't ibang tipo ng organisasyong masa ng manggagawa, magsasaka, katutubo, kababaihan, kabataan, propesyunal at iba pa. Para palakasin at maging epektibo, pinakikilos sila sa mga kampanya para magpahayag, magprotesta at manawagan o maglunsad ng mga programa at proyektong panlipunan.

Pinalalakas ng CPP ang sarili sa organisasyon sa ilalim ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Nagrerekluta ito mula sa hanay ng pinakamatatapat at militanteng aktibista ng kilusang masa, laluna mula sa organisasyon ng masang anakpawis ng manggagawa, magsasaka at petiburgesyang lungsod sa pambansang saklaw. Sinusunod nito ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo, na nangangahulugan ng sentralisadong pamumunong nakabatay sa demokrasya. Nagpapatupad ito ng mulat na disiplinang bakal at demokrasya mula sa kolektibong mga talakayan at pagpapasya.

Sa ilalim ng pamumuno ng partido, isinusulong ng BHB ang estratehiya at taktika ng matagalang digmang bayan. Kinukubkob nito ang kalunsuran mula sa kanayunan. Sinasamantala nito ang pisikal at sosyal na tereyn ng kanayunan upang lumakas ito mula maliit at mahina tungong malaki at malakas sa isang haba ng panahon. Nakasalig ito sa uring magsasaka bilang pangunahing pwersa ng digmang bayan. Maaari itong umunlad sa tatlong probableng estratehikong yugto: depensiba, pagkakapatas at kontra-opensiba. Sa pamamagitan ng matatagumpay na mga taktikal na opensiba, ang pangunahing porma ng pakikidigma ay makasusulong mula sa pakikidigmang

gerilya tungong regular na pakikidigmang makilos hanggang sa pakikidigmang regular.

Naglulunsad ang BHB ng rebolusyong agraryo para anihin ang tiwala at kumpyansa ng masang magsasaka at tugunan ang kanilang demokratikong kahilingan para sa lupa. Batay sa mga sirkumstansya, inilulunsad ng BHB ang minimum na programa ng pagpapababa ng upa, pagpawi sa usura, pagpapataas ng sahod ng manggagawang-bukid, pagtataas ng presyo ng produktong bukid at pagtataguyod sa produksyong agrikultural at iba pang trabaho. Hangga't posible, inilulunsad natin ang maksimum na programa ng kumpiskasyon ng lupa mula sa mga panginoong maylupa at malalaking korporasyon para sa libreng pamamahagi nito sa maralitang magsasaka at manggagawang-bukid.

Lumalahok ang BHB sa pagtatayo ng base sa kanayunan at inilalapat ang antipyudal na patakaran sa nagkakaisang prente ng pagsandig pangunahin sa maralita at mababang-panggitnang magsasaka, paghamig sa panggitnang magsasaka, pagnyutralisa sa mayamang magsasaka at pagsamantala sa bitak sa hanay ng mga panginoong maylupa para ihiwalay at wasakin ang kapangyarihan ng despotikong panginoong maylupa. Hinihikayat at sinusuportahan ng BHB ang organisasyong masa ng magsasaka at iba pang sektor ng mamamayan, nagtatatag ng organo ng kapangyarihang pampulitika at nagsasanay ng milisyang bayan at yunit-pananggol sa bawat baryo.

Ipinatutupad ng pambansang nagkakaisang prente ang rebolusyonaryong linya sa uri at pagpapaunlad sa uring manggagawa bilang namumunong pwersa at sa magsasaka bilang pangunahing pwersa, paghamig sa petiburgesyang lungsod at panggitnang burgesya at pagsamantala sa bitak sa hanay ng mga reaksyunaryo para ihiwalay at wasakin ang kapangyarihan ng kaaway, ang naghaharing uri ng malalaking kumprador panginoong maylupa na nangangayupapa sa imperyalismong US. Sa kaso ng pananakop ng imperyalistang kapangyarihan, ang kasalukuyang digmang sibil ay magiging isang pambansang digma laban sa pananakop na iyon.

Ang pinakakonsolidadong anyo ng pambansang nagkakaisang prente ay ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP), na binubuo ng 18 rebolusyonaryong organisasyon. Habang ang NDFP sa kanyang sarili ay isa nang solidong nagkakaisang prente, lagi itong bukas sa isang mas malawak na nagkakaisang prente para ihiwalay at wasakin ang kapangyarihan ng kasalukuyang kaaway. Ginagamit nito ang lahat ng anyo ng ligal at iligal na

pakikibaka. Pinauunlad nito ang lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pwersa at alyado. Lumalahok ito sa lahat ng porma ng pakikibaka sa loob at labas ng naghaharing sistema.

Tulad ng CPP na laging nagsisikap na paunlarin ang relasyong proletaryong internasyunalista sa mga partido at kilusang komunista at manggagawa, laging nilalayon ng NDFP na paunlarin ang pandaigdigang pakikipagkaisa kasama ang lahat ng mamamayan at kanilang anti-imperyalista at demokratikong mga partido at organisasyon. Nagpapaunlad ito ng relasyong pakikipagkaibigan, mutwal na suporta at kooperasyon sa pagitan ng mamamayang Pilipino at iba pang mamamayan ng daigdig sa batayan ng paghahanap ng bago at mas maaliwalas na daigdig laban sa mapang-api at mapagsamantalang kundisyon sa ilalim ng imperyalismo at lahat ng anyo ng reaksyon.

**3. Pag-unlad**

Nang itatag noong 1968, mayroon lamang 80 ganap at kandidatong kasapi ang CPP. Pinamunuan nila ang mga unyon sa paggawa, organisasyon ng mga kabataan at iba pang anyo ng organisasyong masang may libong kasapian pero hindi hihigit ng 25,000. Ngayon, ang kasapian ng Partido ay nasa puu-puong libo na. Ang organisadong baseng masa nito ng manggagawa, magsasaka, pambansang minorya, kababaihan, kabataan, propesyunal at iba pang sektor ay umaabot na ng milyon.

Ang CPP ang naging pinakamalaki at pinakamakapangyarihang proletaryong rebolusyonaryong partido na umusbong sa kasaysayan ng Pilipinas. Pambansang saklaw ang baseng masa nito, sa halos lahat ng 81 probinsya sa Pilipinas at malalim na nakaugat sa hanay ng masang anakpawis ng manggagawa at magsasaka. Naisakatuparan ito sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng estratehikong linya ng matagalang digmang bayan.

May malalim na batayan ng pambansang pagpapalawak ang CPP dahil sa libu-libong aktibistang masa sa mga organisasyon ng kabataan, unyon at samahang magsasakang pinamumunuan ng mga kadre ng CPP. Lumalahok din ito sa pagsasanay pulitiko-militar para sa daan-daang aktibistang may komitment at malakas na pangangatawan na maging bahagi ng tim sa ekspansyon para sa piling mga lugar sa limang rehiyon sa Pilipinas.

Makalipas lamang ang tatlong buwan mula nang itatag noong 1968, itinatag ng CPP ang Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29, 1969 at sa pagsasanib ng mga beteranong kadre at mandirigma ng lumang hukbong bayan sa ikalawang distrito ng probinsya ng Tarlac at pinalawak ang baseng masa ng CPP sa 80,000 mamamayan. Nagsimula ang BHB na may siyam lamang na otomatikong riple at 26 na iba pang mababang kalibreng armas para sa panimulang 60 Pulang mandirigma. Ang mga tim sa ekspansyong walang armas ay kagyat na ipinakat para ihanda ang mga sonang gerilya at magpalitaw ng mga baril mula sa mga lokalidad.

Ngayon, libu-libo na ang mga Pulang mandirigma at ang kanilang mga yunit ay nag-oopereyt sa buong bansa sa mahigit 110 larangang gerilya sa 74 na probinsya. Mahigit 90 porsyento ng mga baril ng BHB ay nasamsam mula sa kaaway at ang iba pa ay nakuha bilang regalo at bili. Ang mga pultaym na Pulang mandirigma ay pinalalakas ng puu-puong libong kasapi ng milisyang bayan at daan-libong kasapi ng mga yunit pananggol-sa-sarili ng mga organisasyong masa. Sila ang mga aktibong katuwang na yunit at reserbang pwersa ng BHB.

Nalagpasan na ng BHB ang bilang, lakas at lawak ng saklaw ng lahat ng umiral na rebolusyonaryong hukbo sa kasaysayan ng Pilipinas. Nagsisikap ito ngayong umabante mula sa gitnang bahagi patungong abanteng bahagi ng estratehikong depensiba para makapasok sa tarangkahan ng estratehikong pagkakapatas. Ang pagsulong ng rebolusyon ay tinitiyak ng nag-aalab at nag-akumulang karanasan ng rebolusyonaryong pwersa at ng kagustuhan ng mamamayan para sa rebolusyonaryong pagbabago dahil sa lumalalang krisis ng naghaharing sistema at tumitinding pang-aapi at pagsasamantala.

Ang malawak na masasaligang baseng masa ng kanayunan ng CPP at BHB ay pangunahing binubuo ng masang magsasaka na lumalahok at nagbebenepisyo sa iba't ibang yugto ng rebolusyong agraryo. Ito ang solidong pundasyon ng mga lokal na sangay ng Partido at ng lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Sa pagsusulong ng yugtu-yugtong rebolusyong agraryo, ipinatutupad ng CPP ang antipyudal na nagkakaisang prente na nauna nang naipaliwanag.

Bilang resulta ng mga pagsulong sa armadong pakikibaka at gawaing masa, nakapagtayo at nakapagpaunlad ang CPP ng demokratikong gobyernong bayan sa kanayunan sa pambansang saklaw. Sa simula, ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay binubuo ng mga hinirang na mga kadre

ng Partido at mga kinatawan ng masa at pagkaraa'y binubuo na ito ng mga inihalal ng organisasyong masa o ng masa sa mga baseng gerilya.

Ang demokratikong gobyernong bayan ang nagtitiyak ng lokal na pangangasiwa, pag-oorganisa at edukasyong publiko, programang sosyo-ekonomiko, kultural na mga aktibidad, pagtatanggol-sa-sarili, panloob na seguridad, pagsasaayos ng mga tunggalian, hukumang bayan, pangangalaga sa kalikasan, at iba pang gawaing  panlipunan para angkupan ang mga kalamidad na natural at dulot ng kaaway.

Nililinlang ng kaaway ang kanyang sarili sa pagsasabi nitong nabigo ang rebolusyong Pilipino dahil lamang sa makalipas ang 50 taon ay hindi pa naaagaw ng CPP ang sentrong luklukan ng kapangyarihang pampulitika sa Maynila. Sa katunayan, mayroon na ngayong dalawang gobyernong naglalabanan. Ang rebolusyonaryong gobyerno ng manggagawa at magsasaka sa isang panig, at ang gobyerno ng malalaking kumprador, panginoong maylupa, at korap na burukratang nangangayupapa sa mga imperyalistang amo sa kabilang panig.

Sa pagpapatupad ng patakaran at taktika ng pambansang nagkakaisang prente, naging epektibo ang CPP sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at iba pang anyo ng ligal na pakikibaka. Bilang resulta, nagtagumpay ang malawak na nagkakaisang prente sa paghihiwalay at pagpapatalsik sa kapangyarihan sa pinakakinamumuhiang kaaway na mga rehimen, tulad ng pasistang diktadurang US-Marcos noong 1986 at kasunod nito'y ang korap na rehimeng Estrada noong 2001.

Sa kasalukuyan, nagbangon ang isang malawak na nagkakaisang prente para labanan at patalsikin ang traydor, tiraniko, brutal at korap na rehimeng US-Duterte para biguin ang iskema nitong magtatag ng isang todo-largang pasistang diktadurang ala-Marcos sa pamamagitan ng serye ng mga labis na mapaniil na hakbangin ng terorismo ng estado at sa pagtatatag ng pederalismong nakakubli sa *charter change*. Sa kabuuan, dapat panagutin ang rehimeng ito sa pagtataksil, malawakang pagpatay, korapsyon, at iba pang kamuhi-muhing krimen laban sa mamamayan.

Ang tiranong si Duterte ay nahuhumaling sa paghahangad na wasakin ang CPP, BHB at iba pang pwersa ng rebolusyong Pilipino. Inianunsyo nitong wawasakin niya ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang taong 2018. Nang nakita ang kanyang napipintong pagkabigo, iniusog niya ang kanyang *deadline* sa

pagwasak sa kilusan tungong ikalawang kwarto ng 2019. Pinakahuli, iniusog niyang muli at ng mga kasapakat niya ang *deadline* nila tungong 2022 sa harap ng higit na paglakas ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan.

Kilalang-kilala na at kinamumuhian ng mamamayang Pilipino ang maka-dayuhan, kontra-demokratiko at kontra-mamamayang katangian ng rehimeng Duterte sa pagwawakas sa negosasyong pangkapayapaan sa NDFP para isulong ang kanyang pakanang pagtatatag ng pasistang diktadura. Nahaharap ang rehimeng ito sa pampulitikang pagkawasak bago pa mang matapos ang kanyang termino sa 2022. Matapos man ni Duterte ang kanyang termino o hindi, madadaig ng rebolusyong Pilipino ang kanyang pamumuno at magpapatuloy ito sa paglakas at pagsulong.

Nakapagtayo ng mapagkasamang relasyon ang CPP sa mga partido komunista at partido ng manggagawa at kilusan sa labas ng bansa sa diwa ng proletaryong internasyunalismo. Itinaguyod nito ang relasyon ng mga Pilipinong pangmasang organisasyon at mga katugong organisasyon nito sa labas ng bansa sa internasyunalistang diwa ng pakikipagkaisa sa lahat ng mamamayan. Pinauunlad din nito ang pagkakaisa ng mga migranteng Pilipino at organisasyon nila kasama ang mamamayan ng bansang pinagtatrabahuan nila at iba pang dayong komunidad sa mga bansang ito.

**4. Mga Pag-atras at Pagwawasto**

Ang mga dakilang tagumpay ng Rebolusyong Pilipino sa mahigit 50 taon ay nakamit sa pagtatayo ng CPP, ng BHB, ng NDFP, mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng pagsisikap at mahigpit na pakikibaka, kabilang iyong pangingibabaw sa malulubhang mga suliraning kinakaharap sa obhetibong sitwasyon, ang marahas at mapanlinlang na mga atake ng kaaway at mga pag-atras dahil sa suhetibo at oportunistang mga pagkakamali at kahinaan ng rebolusyonaryong pwersa.

Ang malulubhang mga suliranin ay dulot ng obhetibong sitwasyon hindi lamang sa lokal na malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema kundi maging sa pandaigdig na sistema ng kapitalismo. Sa katunayan, itinakda ng imperyalismong US sa mga papet na rehimen sa Pilipinas ang pagpapanatili at pagpapalala sa lokal na sistema ng pang-aapi at pagsasamantala at nagbigay ng iba't ibang tipo ng mga kontra-rebolusyonaryong armas kabilang na ang ideolohiyang anti-komunista at mga sandata para sa paniktik, pagmamanman at pagpaslang sa mamamayan.

Habang naglulunsad ang US ng Cold War para magpakalat ng anti-komunismo sa Pilipinas at nagpapalaganap ang Soviet Union ng modernong rebisyunismo para papanghinain ang armadong rebolusyon sa pamamagitan ng mga Pilipinong rebisyunistang taksil, ipinagpatuloy ng CPP ang armadong rebolusyon ng sambayanang Pilipino. Nagmistulang sumasalungat sa rebolusyong Pilipino ang mas malulubhang panlabas na mga kalagayan nang magkolaps ang Soviet Union at naluklok ang imperyalismong US bilang solong *superpower* noong 1991.

Pero ang nagpapatuloy na mga rebolusyonaryong kilusan sa ibang bansa ang nagbigay inspirasyon sa CPP at tumutok ito sa pagsamantala sa kronikong krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas, sa lumalaking kakapusan ng mga naghaharing-uri na mamuno sa dating paraan at sa tumitinding kagustuhan ng mamamayang Pilipino na maglunsad ng armadong rebolusyon. Mas naging determinado ito para palakasin ang kanyang sarili at ilunsad ang demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Nagawa ng CPP na maigpawan ang lahat ng mga estratehikong planong kampanya ng panunupil ng militar at saywar na isinasagawa ng reaksyunaryong naghaharing sistema mula sa 14 na taon ng pasistang diktadura ng Marcos hanggang sa mga kasunod na *pseudo*-demokratikong rehimen ng Corazon Aquino, Ramos, Estrada, Arroyo at Benigno Aquino III, sa kasalukuyang tiranikong rehimen ni Duterte na umiidolo kay Marcos at naghahangad na mamuno bilang isang pasistang diktador.

Sa proseso ng rebolusyonaryong pakikibaka, may mga panahon kung saan naging mapaminsala ang mga atake ng kaaway sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Pero ang saklaw at tagal ng pinsala ay hindi kailanman nakalipol sa anumang panrehiyong organisasyon ng CPP o panrehiyong komand ng BHB o alinman sa iba't ibang porma ng pakikibaka ng mamamayan saanmang rehiyon sa Pilipinas.

Sa katunayan, ang mayor na suhetibista at oportunistang mga pagkakamali ng ilang mga taksil ay naging mas nakapipinsala kaysa sa mga opensibang pinakawalan ng kaaway. Nakinabang nang husto ang CPP sa pagpupuna, pagtatakwil at pagwawasto sa mga mayor na pagkakamali ng magkakapatid na Lava na umakto bilang pangkalahatang kalihim ng pinagsanib na CPPI-SP.

Naging pagkakamali ni Vicente Lava ang Kanang oportunismo mula 1942 hanggang 1946 sa pagtangan sa pasibong patakarang "umurong para magtanggol" at pagsalubong sa pagbabalik ng imperyalismong US sa Pilipinas. Naging pagkakamali naman ni Jesus Lava ang 'Kaliwang' oportunismo mula 1948 hanggang 1949 sa pagtangan sa adbenturistang linya ng paghahangad ng tagumpay ng armadong rebolusyon sa loob lamang ng dalawang taon nang hindi nagsasagawa ng reporma sa lupa at gawaing masa. Sa huli, tinanganan naman ni Jesus Lava ang pagkakamali ng Kanang oportunismo mula 1950 hanggang 1962 sa pag-iisyu ng mga atas na likidahin ang hukbong bayan noong 1955 at ang pinagsanib na CPP-SP.

Hanggang ngayon, ang pinakamalaking pagkakamaling ginawa ng ilang mga taksil ng CPP ay ang suhetibistang pagsusuri sa malapyudal na katangian ng ekonomyang panlipunan ng Pilipinas bilang industriyal-kapitalista (na nagbunga ng pagpuri kay Marcos sa ipinagpapalagay na pag-iindustriyalisa sa bansa) at ang 'Kaliwang' oportunismo ng maagang regularisasyon at bertikalisasyon ng BHB at pagkaligta sa gawaing masa para umano sa layunin ng pagpapabilis ng tagumpay sa larangang militar.

Ang mga pagkakamaling ito ay nagresulta sa lubhang pagliit ng baseng masa at mas epektibong pag-atake ng kaaway sa ilang mga rehiyon at iba't ibang panahon mula 1985 hanggang 1992, naglimita sa mga pakinabang mula sa pagpapabagsak ng pasistang diktadura ni Marcos. Pinakamatindi, sa ilang mga rehiyon, isinangkalan ng mga taksil ang ilang mga kasama at mga alyadong nasa mabuting katayuan bilang mga "deep penetration agent" at ginawaran ng hindi karapat-dapat na mga parusa. Tinukoy ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang pangunahing mga pagkakamali at krimen. Pinuna ang mga ito, itinakwil at iwinasto.

Nagbunga ang kilusang pagwawasto ng pagtataas ng antas ng teoretikal at pulitikal na edukasyon sa buong kasapian ng CPP at nagbunsod ng rekoberi at pagsulong ng rebolusyonaryong pwersa sa mga eryang malubhang naapektuhan ng mga kamalian. Kaya, mula 1992 hanggang ngayo'y lumakas at sumulong ang rebolusyong Pilipino. Gumampan ng mayor na papel ang CPP sa pagpapabagsak kay Estrada sa maagang bahagi ng 2001.

Sa mga sumunod na dekada, lumitaw ang penomenon ng konserbatismo sa Luzon at Visayas, habang ang mga pwersa ng BHB sa Mindanao ay nakapaglapat ng tamang kumbinasyon ng gawaing masa at militar upang mapalakas ang BHB at baseng masa. Ang konserbatismo ay ang labis na

pagtutok sa gawaing masa at pagkaligta sa tungkulin ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway sa pamamagitan ng labis na pagdidispers sa maliit na yunit ng BHB (mga iskwad o tim) sa loob ng malawak na erya na nagbabawas sa epektibong kumand sa kanila. Nagiging bulnerable sa mga opensiba ng kaaway ang labis na pagdidispers sa maliit na yunit ng BHB ang mga bulnerabilidad nito sa mga opensiba ng kaaway. Madali silang mailalagay sa lantay na depensibang pusisyon at sa kanilang pagkawasak mawawalang-saysay ang nailunsad nilang gawaing masa.

Ang pangangailangan para sa pultaym na mga yunit panlaban ng BHB na pangunahan ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ay karaniwang kumikiling sa labis na pagsandig sa milisyang bayan at sa yunit pananggol-sa-sarili ng mga organisasyong masa, na dapat ay wastong nakatakda  sa panloob na seguridad sa pangunahin. Bilang resulta, nakukuha ng mga kumander ng BHB sa matataas na antas at maging ang mga yunit ng BHB ang mga sibilyang gawi sa isang takdang panahon sa kapinsalaan ng pagsasanay pulitiko-militar at mga operasyong kombat.

Tinukoy ng Ikalawang Kongreso ng CPP ang konserbatismo bilang isang malaking pagkakamali at naglunsad ng kilusang pagwawasto laban dito. Nagkakaisa ang Partidong iwasto ang mga pagkakamali sa higit pang pagsapol sa estratehiya at taktika ng digmang bayan at sa muling pagdedeploy sa mga yunit ng BHB sa mga larangang gerilya kung saan may sentro-de-grabidad para sa digmang bayan at may sapat na pagkakahati ng mga pwersang nakadispers para sa gawaing masa. Ang pana-panahong pag-rerelyebo ng mga Pulang kumander at mandirigma ay isinasagawa upang bigyan ang bawat pormasyon o yunit ng BHB ng pagkakataong maranasan at matutunan ang gawaing masa at militar.

**Prospek**

Maliwanag ang mga prospek sa ibayong pagsulong at ultimong tagumpay ng rebolusyong Pilipino. Ang paparaming mga tagumpay ng rebolusyonaryong pakikibaka ay ginagarantiyahan ng nagpapatuloy na lumalalang kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema. Ang kawalang-kakayahan ng naghaharing uri na mamuno sa dating paraan ay ipinamamalas ng lantarang paghahasik ng terorismo mula kay Marcos tungo kay Duterte. Patuloy na nabubulok ang naghaharing sistema at pinaiigting nito ang kagustuhan ng mamamayan para sa rebolusyonaryong pagbabago. Kung gayon, paborable ang mga kundisyon para sa paglakas at pagsulong ng CPP,

BHB at iba pang suhetibong pwersa ng rebolusyon.

Walang tigil ang paglala ng sosyo-ekonomikong krisis. Bangkarote ang buong ekonomya at ang reaksyunaryong estado at nakaasa sa tumataas na buwis, dayuhan at panloob na utang. Habang pinapaboran ang pagkonsumong nakasalig-sa-import, ang mga sektor ng agrikultura at industriya ay nabubulok. Malaganap ang mababang kaunlaran, kawalang-empleyo at kahirapan habang nagpapasasa sa supertubo ang mga dayuhang monopolyo mula sa pagsasamantala sa pagkuha ng mga likas na rekurso at pagdadala sa bansa ng mga produktong pangkonsumo. Kasabay nito, higit na pinatitindi ng mga lokal na malalaking kumprador at panginoong maylupa ang pagsasamantala sa mamamayan.

Nililikha ng sosyo-ekonomikong krisis ang krisis pampulitika sa loob ng naghaharing sistema. Ang naghaharing-uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa, kasama ang kanilang mga ahenteng pampulitika, ay lantarang lumalahok sa pagdambong sa pampublikong rekurso. Hati sa pampulitikang mga paksyon, naglalaban-laban sila sa paggamit ng mga kriminal na hakbangin para makapanatili sa poder at magpayaman. Pinatitindi ng rehimeng Duterte ang panunupil sa mamamayan at mga pampulitikang karibal nito sa loob ng naghaharing sistema. Ang kasalukuyang rehimen at mga karibal nito sa pulitika ay lumalahok sa isang paligsahan para sa impluwensya at kontrol sa reaksyunaryong armadong pwersa at pulis.

Sinisikap ng rehimeng anihin ang suporta ng dalawang kapangyarihang imperyalista, ang US at China, na ngayon ay sangkot sa tumitinding hidwaan. Para anihin ang suporta ng US, nangako itong wasakin ang rebolusyonaryonaryong kilusan, at pinahintulutan nito ang muling pagtatatayo ng mga base militar ng US sa loob ng mga kampo militar ng AFP at nangako itong amyendahan ang saligang batas para pahintulutan ang 100% pagmamay-ari ng dayuhan sa lahat ng anyo ng negosyo sa bansa. Para anihin ang suporta ng China, isinubasta nito ang soberanong karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea at ang mayamang rekursong mineral at pandagat na taglay nito kapalit ang mataas na interes sa mga pautang ng China at *overpriced* na mga proyektong imprastruktura.

Pero hindi lahat ng nakukuha ng rehimen mula sa dalawang kapangyarihan ay pumapabor sa kanya. Kinamumuhian ng US ang China sa pakikialam nito at paghadlang sa malayang paglalayag sa South China Sea, kontrol sa sistema ng telekomunikasyon ng Pilipinas at ang unti-unting pangongolonya nito sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapautang. Nananatili ang US bilang

dominanteng imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas at nasa pusisyon itong mambuyo ng kudeta laban kay Duterte sa hanay ng mga opisyal militar na maka-US. Kasabay nito, hindi maagap na tinutupad ng China ang kanyang mga ipinangakong proyektong imprastruktura habang pinupwersa si Duterte na magkaroon ng mas malilinaw na deklarasyon ng pagtataksil at pagbebenta sa bayan. Kahit noon, nakapagbitaw na si Duterte ng maraming deklarasyon ng pagpapakatututa sa China na ikinamuhi ng mamamayan at ng signipikanteng bilang ng mga opisyal ng AFP na maka-US.

Kahit hindi pa estratehikong umaatras ang US tulad ng nangyayari ngayon at di pa humaharap sa lantarang paghahamon ng karibal sa pulitika nito mula China, maaaring matagumpay na mailunsad ng mamamayang Pilipino at rebolusyonaryong pwersa ang bagong demokratikong rebolusyon laban sa reaksyunaryong gobyerno ng malalaking kumprador at panginoong maylupa na suportado ng US. Maaasahan na ang pagtindi ng kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalista, laluna iyong sa US at China, ang magpapalala at magkukumplika sa mga tunggalian sa hanay ng mga reaksyunaryong pampulitikang paksyon ng malalaking kumprador at panginoong maylupa at magbibigay ito ng mga bentahe para sa rebolusyong Pilipino. Anu't anuman, patuloy na susulong ang rebolusyonaryong pwersa sa batayan ng partisipasyon ng mamamayan at suporta ng mamamayan alinsunod sa kanilang pambansa at demokratikong mga karapatan at interes.

Ang pandarambong na ginagawa ng tiraniko, taksil, mamamatay-tao, korap at manlolokong rehimeng Duterte ay nagpapataw ng matinding paghihirap sa mamamayan at kasabay nito'y itinutulak sila para magbangon at lumaban. Sa kanyang sariling malalaki at sistematikong krimen laban sa mamamayan, hindi sinasadyang pinupwersa ng rehimen ang mamamayan para lumahok sa armadong rebolusyon at magbigay suporta sa mga rebolusyonaryong pwersa tulad ng CPP, BHB, mga organisasyong masa at mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Inihahasik ng matagalang digmang bayan ang punla ng gobyernong bayan sa kanayunan at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa pambansang saklaw.

Sa batayan ng mga karanasan at paglakas na inabot nito, ibayong lalakas pa ang rebolusyonaryong kilusan sa mga susunod na taon. Palalakasin ng CPP ang sarili sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Magsisikap ang BHB na magpaunlad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa habang nasa estratehikong depensiba, magtatayo ng mga kumpanya at batalyon bilang mga pwersang makilos sa estratehikong pagkakapatas at magpapakilos ng buong batalyon at

rehimyento para sa estratehikong opensiba. Kasabay nito, palalakasin ng NDFP ang mga alyadong organisasyon nito at magpapaunlad ng malapad na mga alyansa kasama ang iba pang pwersa para ihiwalay at wasakin ang kaaway, ito man ay isang lokal na naghaharing pangkatin sa digmang sibil o isang imperyalistang kapangyarihan sa isang digma ng pambansang pagpapalaya.

Ang rebolusyong Pilipino ay makakukuha ng bentahe hindi lamang sa krisis ng lokal na naghaharing sistema kundi maging sa krisis ng pandaigdig na sistema ng kapitalismo. Patuloy na ipapapasan ng lahat ng kapangyarihang imperyalista ang bigat ng krisis sa mamamayan at bayang pinagsasamantalahan. Pero ang mga kontradiksyon sa loob at sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan ay higit na tatalas. Isusulong ng mamamayan ang rebolusyong Pilipino hindi lamang para maisakatuparan ang kanyang pambansa at panlipunang paglaya kundi para tulungan ang uring manggagawa at lahat ng inaaping mamamayan at bayan ng daigdig para isulong ang kanilang sariling rebolusyon. Makakukuha sila ng mutwal na suporta at kooperasyon sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at pandaigdigang pakikipagkaisa ng mamamayan.

---

# ANG KASAYSAYAN NG ANTI-IMPERYALISTANG PAKIKIBAKA AT DIGMANG BAYAN SA PILIPINAS

Mensahe sa 4th Berlin Autumn Salon
6 NOBYEMBRE 2019

Mahal kong mga kaibigan,

Naatasan akong ibigay sa inyo ang kasaysayan ng anti-imperyalistang pakikibaka at digmang bayan sa Pilipinas. Ang sambayanang Pilipino ay nakaranas ng kanyang unang marahas na engkwentro sa modernong imperyalistang kapangyarihan nang inilunsad ng US ang isang digmang agresyon noong 1899 upang sagkaan ang kanilang pambansang kasarinlan na bago pa lamang nila naipagtagumpay mula sa kolonyalismong Espanyol sa pamamagitan ng armadong rebolusyon.

Sa pagharap sa isang imperyalistang kapangyarihan na may superyor na mga sandatang militar nong 1899, ang sambayanang Pilipino ay natuto sa pakikidigma na nakasalig sa kanilang lakas at sa pagkabihasa sa kanilang

sariling tereyn.  Ang proseso ng pagkatuto ay nagpapatuloy hanggang ngayon. Ang pag-unlad ng digmang bayan ay magpapatuloy hanggang makamit ang ganap na tagumpay sa pakikibaka para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya laban sa isang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema na lahatang-panig na dinodominahan ng imperyalismong US at reaksyon.

**Digmang bayan laban sa kolonyalismong espanyol at imperyalismong US**

Sa pagtatapos ng ika-19 na siglo, ang ilang bansa tulad ng US, Germany at Japan ay nakapagpaunlad ng mga monopolyo kapitalistang ekonomya nang walang mga kolonya para sa tiyak na eksport ng surplas na kapital at mga surplas na mga kalakal.  Kung gayon, pinagnasaan nila ang mga kolonyang sakop ng mas mahinang mga kolonyal na kapangyarihan tulad ng Spain at Portugal na hindi nakapag-industriyalisa ng kanilang mga ekonomya.

Sa hanay ng mga bagong imperyalistang kapangyarihan, ang US ay may bentahe ng alyansa sa imperyalismong British. Determinado itong sakupin ang mga kolonya ng Spain at maglunsad ng digmaan sa layuning ito. Kaugnay sa kanyang planong paputukin ang Spanish-American War noong 1898, nagpanggap ang US na kaibiganin ang nakadistyerong Filipino *junta* na pinamumunuan ni Aguinaldo sa Hongkong at hinikayat ito na ituloy ang digmang mapagpalaya laban sa Spain.

Ibinalik si Aguinaldo sa Pilipinas sakay ng isang American *cutter* upang iproklama ang kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898 sa Kawit, Cavite sa ilalim ng "marangal na proteksyon" ng US.  Entusyastikong tumugon ang sambayanang Pilipino sa proklamasyon, nag-alsa at pinalaya ang Pilipinas, maliban sa kontrolado ng Espanyol na syudad ng Intramuros na hinog na para sa pagsakop.

Gayunpaman, dinala rin ng US ang kanyang mga pwersa ng imperyalistang agresyon at pinalayas ang mga tropang Pilipino mula sa mga estratehikong posisyon sa palibot ng Intramuros. Nakipagsabwatan ito sa mga otoridad ng Espanyol upang isuko ang Intramuros matapos ang maikling pekeng engkwentrong nabal. Sa Tratado ng Paris ng Disyembre 10, 1898, bilang talunan sa gera sa US, isinuko ng Spain ang Pilipinas sa US sa halagang US$20 milyon.

Noong Pebrero 4, 1899, pumutok na ang digmaang Pilipino-Amerikano. Magiting na nilabanan ng mga rebolusyonaryong pwersang Pilipino ang mga pwersang Amerikano na superyor sa usaping militar, noong una gamit ang

pakikidigmang posisyunal mula sa isang linya ng depensa tungong isa pa at pagkatapos sa pamamagitan ng pakikidigmang gerilya.  Upang masakop ang Pilipinas, pinaslang ng mga imperyalistang pwersa ng US ang 1.5 milyong mga Pilipino o 20% ng populasyon ng Pilipinas noong 1899 na pitong milyong mamamayan hanggang 1913.

Ang paggamit ng brutal na pwersa ay kinumbinahan ng panawagan para sa "mapagpalang asimilasyon" para wasakin ang kalooban ng liberal-burgesyang namumuno sa digma ng pagpapalaya. Matapos madakip si Aguinaldo at manawagan para sa kapayapaan noong 1902, ang iba pang lider ng kanyang gobyerno ay sumuko. Kung gayon, pormal na idineklara ng US ang pagtatapos ng digmaan at ang pagtatatag ng gobyernong sibil noong 1902 kahit na nagpapatuloy ang armadong paglaban sa maraming lugar tulad niyong pinamumunuan ni Macario Sakay at kasabay na inilulunsad ng mga Moro sa Mindanao.

Ang kolonyal na paghahari ng US sa Pilipinas ay nagtaguyod ng malapyudal na tipo ng ekonomya. Nagbukas ito ng mga minahan, nagpalawak ng mga plantasyon para sa eksport at mas malaking lokal na manupaktura ng mga produkto para sa gamit sa bahay.  Pinaunlad nito ang mga kalsada, tulay at mga daungan upang suportahan ang lokal at dayuhang kalakalan.  Ang pampublikong sistema ng edukasyon ay itinayo upang magsilbi sa pinalawak na gubyerno at mga operasyon ng negosyo sa ilalim ng pagtangkilik ng imperyalismong US.

Gayunpaman, nagpatuloy ang pambansang ahitasyon at pag-aalsang agraryo. Sinikap ng US na kontrahin ito sa pamamagitan ng pagpapanggap na magbigay ng awtonomya sa ilalim ng Jones Law ng 1916 at pagpayag na pumunta sa Washington ang Independence Mission of Filipinos upang hingin ang kalayaan.  Ang malalawak na lupain ng mga relihiyosong korporasyong Espanyol ay naging target ng reporma sa lupa. Ngunit nabenepisyuhan nito ang mga malalaking burgesya kumprador na Pilipino at uring panginoong maylupa sa halip na mga maralitang magsasaka na hindi makayanan ang mataas na presyo ng redistribusyon.

Dahil sa mga kolonyal at malapyudal na mga kalagayan, tumindi ang pagsasamantala sa mga manggagawa at magsasaka.  Ang miserableng kalagayan ay pinalala noong labis na naapektuhan ng Malaking Depresyon ang produksyon ng mga pananim para sa eksport. Sa ilalim ng mga sirkunstansyang ito, ang mga lider ng mga unyon sa paggawaat mga samahang magsasaka ay determinadong itatag ang Communist Party of the

Philippine Islands (CPPI). Gayunpaman, matapos lamang ang pagtatatag, sinupil ang CPPI sa pamamagitan ng mga gawa-gawang kaso ng sedisyon laban sa kanyang mga lider. Sa balangkas ng anti-pasistang prente, niligalisa ng gubyernong “komonwelt” ang CPPI noong 1936. Matapos ito, nakipagsanib ang CPPI sa Socialist Party upang maging isang partido noong 1938.

Sa ilalim ng Tydings-Macduffie Law ng 1934, ipinangako ng US na pormal na ibibigay ang kalayaan sa Pilipinas matapos ang isang sampung taong yugto ng gubyernong “komonwelt”. Ang pangakong ito ng US sa huli ay magpapapurol sa mga pangako ng kalayaan at partisipasyon ng Pilipinas sa “Asian co-prosperity sphere” ng mga pasistang Japanese na humamon sa huli, nagpalayas sa US sa bansa, at umokupa sa Pilipinas sa buong takbo ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig mula 1941 hanggang 1945.

**Digmang bayan laban sa okupasyon ng Japanese at muling pananakop ng US**

Ang okupasyon ng Japanese sa Pilipinas ay lumikha ng mga kalagayan para sa pagsasanib ng CPPI at Socialist Party upang maitatag ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (HUKBALAHAP). Sa pamamagitan nito, nilabanan ng pinagsanib na partido at ng hukbong bayan ang mga pasistang Japanese at ang kanilang mga Pilipinong papet gamit ang pakikidigmang gerilya at upang maisulong ang reporma sa lupa at makapagtayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan pangunahin sa Central Luzon. Kung hindi dahil sa ilang kamalian na nagawa ng pamunuan ng CPPI-SP, makapagpapalawak sana at mahahadlangan ng armadong kilusan ng mamamayan ang muling pananakop ng US sa Pilipinas.

Noong una, gusto ng US na talikuran ang kanyang pangako na ibigay ang kalayaan sa Pilipinas. Ngunit natakot itong kumalat ang armadong paglaban. Kung gayon, ibinigay nito ang nominal na kalayaan sa Pilipinas noong Hulyo 4, 1946 ngunit nahadlangan ito ng US-RP Treaty of General Relations na nagpreserba ng karapatan sa pag-aari ng mga korporasyon at mga mamamayan ng US at pinanatili ang mga base militar ng US at nagresulta ito sa pagkakatali ng Pilipinas sa US sa pulitika, ekonomiya, militar at kultura bilang malakolonya.

Hindi tinanggap ng sambayanang Pilipino at ng kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang malakolonyal at malapyudal na gapos at ang karahasan kung paano ipinapataw ng US at kaniyang mga papet ang kanilang sarili sa bansa. Kung gayon, muling binuo ng pinagsanib na CPPI-SP ang Hukbong Bayan laban sa Hapon bilang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan upang

labanan ang imperyalismong US at ang naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa at tinahak ang linya ng rebolusyonaryong pakikibaka noong 1948.

Subalit adbenturista ang linyang dinala dahil hinangad nitong ibagsak ang naghaharing sistema sa loob lamang ng dalawang taon, nang hindi isinasaalang-alang ang pangangailangan ng puspusang gawaing masa, paglulunsad ng reporma sa lupa at pagpapaunlad ng digmang bayan at hukbong bayan nang yugtu-yugto. Dahil sa maling linyang ito, nawasak ang gulugod ng hukbong bayan sa mga sumunod na taon mula sa ipinatupad na dramatikong mga taktikal na noong 1949.

Resulta ng mga pag-atras mula 1949 hanggang 1950. Ang pamunuan ng CPPI-SP ay patuloy na nakagawa ng dagdag pang mga kamalian na humantong sa pagkalipol sa mga labi ng hukbong bayan noong 1955 at sa pinagsanib na CPPI-SP mismo noong 1957. Noon na lamang taong 1958 nang lumitaw ang mga batang proletaryong rebolusyonaryo at itinayo ang isang samahan upang pag-aralan ang Marxismo-Leninismo at inilapat ito sa kasaysayan at sirkumstansya ng sambayanang Pilipino upang muling simulan ang

rebolusyong Pilipino bilang isang bago demokratikong rebolusyon sa ilalim ng pamumuno ng uring manggagawa sa panahon ng modernong imperyalismo at proletaryong rebolusyon.

Sumama ang mga batang proletaryong rebolusyonaryo sa mga labi ng pinagsanib na CPPI-SP mula 1962 pataas at nag-inisyatiba na kumilos sa Lapiang Manggagawa at nagpaunlad ng pagkilos sa mga unyon, samahang magsasaka at mga organisasyon ng mga estudyante. Nagbuo sila ng mga rebolusyonaryong grupo sa loob ng mga organisasyong ito at nagrekrut ng mga kabataan upang itatag ang Kabataang Makabayan, na mabilis na lumaganap sa buong bansa.

Noong 1965, ibinukas ng mga batang proletaryong rebolusyonaryo sa loob ng pinagsanib na partido ang hinggil sa kasaysayan ng Partido at hinggil sa mga kamalian at kakulangan na nagpahina at halos nagwasak sa partido. Tinukoy nila ang Kanang oportunistang linya mula 1942 hanggang 1946, ang ‘Kaliwang’ oportunistang linya mula 1948 hanggang 1950 at ang Kanang oportunismo mula 1950 pataas. Bilang reaksyon, ang mga tagapagtaguyod ng mga oportunistang linyang ito ay inilantad ang kanilang rebisyunistang linya at pangangayupapa sa modernong rebisyunismong Soviet mula 1965 pataas.

## Panibagong digmang bayan laban sa imperyalismong US at lokal na reaksyon

Noong 1966 inilunsad ng mga proletaryong rebolusyonaryo ang Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Tumungo ito sa muling pagtatatag ng Communist Party of the Philippines sa ilalim ng gabay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong noong Disyembre 26, 1968. Pinagtibay ng CPP ang programa ng demokratikong rebolusyong bayan at ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Pinagtibay din ang saligang batas at itinaguyod ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

Ilang buwan matapos muling maitatag ang CPP, itinatag ang BHB noong Marso 29, 1969 upang mapasimulan ang digmang bayan. Sa mga buwan bago at matapos ang pagtatatag ng BHB, inilunsad ang pagsasanay pulitiko-militar upang makapagbuo ng mga tim sa ekspansyon para sa *deployment* sa mga piling erya sa limang rehiyon. Ang usapin ay magkaroon kaagad ng limang larangang gerilya upang hadlangan ang kaaway sa pagwasak sa buong BHB.

Ang Sigwa ng Unang Kwarto noong 1970 na binubuo ng serye ng mga gahiganteng kilusang masa, ang nagpalitaw ng mga aktibistang masa hindi lamang para sa pagpapaunlad ng ligal na pakikibaka kundi nagbigay ng inspirasyon sa marami sa kanila na sumapi sa BHB. Bilang tugon sa mga pananakot ni Marcos ng pagpoproklama ng batas militar, ang mga kabataang aktibista ay sumagot sa pananakot na ito at sumigaw na: “digmang bayan ang sagot sa batas militar!” Kasunod nito, boluntaryong sumama ang mga kabataang aktibista sa pagsasanay pulitiko-militar at integrasyon sa BHB at mga masang magsasaka.

Nang ideklara ni Marcos ang batas militar noong Setyembre 21, 1972, libu-libong mga masang aktibista sa buong bansa ang lihim na kumilos sa mga syudad at nagnais na sumapi sa BHB. Binigyan sila ng pagsasanay pulitiko-militar at itinalaga sa mga nakatayong yunit gerilya. Upang makaangkop sa gawain ng pagsasanay ng mga kadre at mga kasapi ng partido sa kanayunan, ang mga lihim na organo ng CPP sa mga kalunsuran ay itinalaga sa kanayunan.

Noong 1976, ang buong Pilipinas ay nasasaklaw na ng mga panrehiyong organisasyon ng Partido at lahat ng rehiyon (maliban sa Bangsamoro) ay sinaklaw ng mga panrehiyong kumand ng BHB. Noon, malinaw na hindi lamang inutil ang pasistang diktadura sa pagtatangkang wasakin ang rebolusyonaryong kilusan kundi siya mismo ang dahilan ng pagsali ng maraming mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan at epektibong lumaban sa

mga krimen ng despotikong rehimen.

Sa kabila ng pagkamatay o pagkakahuli ng karamihan ng mga kagawad ng Komite Sentral ng CPP mula 1976 hanggang 1977, nagpatuloy na lumakas ang digmang bayan at sumulong sa buong bansa. Ang mga kadre at kasapi ng CPP ay may kakayahang palakasin ang kanilang partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa batayan ng papalakas na rebolusyonaryong kilusang masa. Nagpakahusay ang BHB sa pagsusulong ng estratehikong linya ng matagalang digmang bayan, paglulunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Naitayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at organisasyong masa sa mga larangang gerilya.

Sinulsulan at sinuportahan ng US ang pasistang diktadurang Marcos sa bigong pagtatangkang gamitin ito upang supilin ang rebolusyonaryong kilusan at pagpapapatuloy ng kanyang hegemonya sa Pilipinas sa pamamagitan ng lahatang-panig na kontrol ng mga reaksyunaryong pwersa, ng kanyang mga base militar, pang-ekonomya at pinansiyal na pagkontrol sa Pilipinas. Tiniyak ni Marcos sa US na napapaboran ang mga pang-ekonomyang interes ng mga korporasyong US at ang pananatili ng mga base militar nito.

Ngunit noong ipinapatay ni Marcos si Benigno Aquino Jr. noong 1983, nagsimulang mag-alangan ang US sa pagbibigay ng suporta sa pasistang diktadura. Nakita nitong nagiging mas malaking problema si Marcos kaysa isang mahalagang tauhan na nagsasapanganib sa hegemonya ng US. Hindi ito natuwa sa pagpabor ni Marcos sa kanyang mga kroni hanggang umabot sa pagkakahati-hati ng mga reaksyunaryo. Kinilala din nito ang katotohanan na sa halip na masupil ang armadong rebolusyonaryong kilusan, lumalakas ito at sumusulong.

Ang pagpapapagting ng digmang bayan, ang muling paglakas ng kilusang masa sa mga eryang urban, ang higit na tumatalas na kontradiksyon sa loob ng mga reaksyunaryong uri, ang paglitaw ng isang blokeng anti-Marcos sa hanay ng mga upisyal militar at pulisya, ang mga anti-pasistang pagpapahayag ng Simbahang Katoliko at sa kahuli-hulihan ay ang mga palatandaan ng pagbitaw ng US kay Marcos ay nagkumbina at tumapos sa kapalaran ni Marcos. Milyong mamamayan ang nagtipon sa EDSA at higit sa daan-libong mamamayan ang kumubkob sa palasyo ng presidente.  Kinailangang itakas ng US si Marcos at kanyang alipures palabas ng palasyo at palabas ng bansa.

Nagkamit ng malalaking mga tagumpay sa buong bansa noong nalalapit na ang pagbagsak ni Marcos noong 1986 at maaari pa sanang magkamit ng mas malalaking tagumpay matapos ang pagbagsak ni Marcos. Ngunit ang 'Kaliwang' oportunistang linya sa ilang rehiyon ay nagsimula nang maramdaman ng mga rebolusyonaryong pwersa noong 1985 at ang pinsala sa kilusan ay lalaki pa sa ilang rehiyon taun-taon hanggang inilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992 upang matukoy, punahin, itakwil at iwasto ang mga mayor na pagkakamali.

### Ang mga *pseudo*-demokratikong rehimen matapos kay Marcos

Matapos ang pagpapabagsak sa pasistang diktadurang Marcos, ang serye ng *pseudo*-demokratikong mga rehimen ay sumunod sa ilalim ng mga presidenteng sina: Corazon Aquino (1986-92), Fidel V. Ramos (1992-98), Joseph E. Estrada (1998-2001), Gloria M. Arroyo (2001-10), Benigno S. Aquino III (2010-16) and Rodrigo Duterte (2016-22). Lahat ay nagsilbi sa imperyalismong US at sa lokal na nga nagsasamantalang uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa, pagsunod sa mga neoliberal at iba pang patakarang dikta ng imperyalismong US, pagdurog sa rebolusyonaryo at ipreserba ang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema.

Ang unang rehimeng Aquino ay nagpalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal at pinawalang-bisa ang karamihan ng mga mapanupil na batas ni Marcos. Gayunman, pinanatili nito ang mga dikretong mapagsamantala sa mga manggagawa at mga magsasaka. Nagbigay-daan ito sa isang bagong saligang batas na pormal na kumilala sa mga kondisyon sa paggalang sa mga karapatang-tao at ang pagbabawal sa dayuhang base militar at *weapons of mass destruction* sa Pilipinas. Ipinagyabang nito ang pagpapatupad ng programa sa rebolusyong agraryo ngunit ipinatupad ang boluntaryong pagbebenta ng lupain ng mga panginoong maylupa at hinayaan ang mga panginoong maylupa na iinkorpora at i-*securitize* ang kanilang pag-aari sa lupa.

Matapos ang maikling panahong kasunduang tigil-putukan sa rebolusyonaryong kilusan, pinayagan ng rehimeng Aquino ang militar na maglunsad ng mga masaker laban sa mg magsasaka at minanduhan ito na ipatupad ang isang estratehikong planong dinisenyo ng US na Lambat Bitag upang durugin ang rebolusyonaryong kilusan. Subalit nagpatuloy ang paglakas ng rebolusyonaryong kilusan dahil sa nagtutuluy-tuloy at papalalang mga problema ng naghaharing sistema, sa kabila ng mapaminsalang epekto ng

‘Kaliwang’oportunismo. Mahina sa ekonomiya ang rehimen dahil sa walang patumanggang paggastos ng mga nagdaang rehimen at ang kasunod na pangakong “kilalanin” ang mga mabibigat na pagkakautang na ginawa ng nakaraang rehimen. Itinaguyod nito ang liberalisasyon sa kalakalan ayon sa neoliberal na patakaran ng US.

Nagpanggap ang rehimeng Ramos na para ito sa negosasyong pangkapayapaan. Ngunit sa araw matapos mapirmahan ang The Hague Joint Declaration ng 1992, na siyang naglatag ng balangkas para sa negosasyong pangkapayapaan, itinatag niya ang National Unification Commission (NUC) upang pahinain ang negosasyong pangkapayapaan. Pinawalang bisa ang Anti Subversion Law ngunit ginawa namang isang hindi mapipiyansahang kapital na kasalanan ang rebelyon. Matapos lamang ang dalawang taon ng kabiguan ng NUC pumayag si Ramos sa pormal na pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan. Nagresulta ito sa ilang kasunduan ngunit bigo si Ramos na malagdaan ang pinakamahalaga dito—ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Kahit habang ang rehimeng Ramos ay nasa negosasyong pangkapayapaan, itinaguyod nito ang patakaran ng pagwasak sa rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng Oplan Manindigan. Nakasabayan ito ng inilulunsad na Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto upang punahin, itakwil at iwasto ang ‘Kaliwang’ oportunistang mga pagkakamali. Binaliktad ng rehimen ang pagbabawal sa dayuhang base militar sa pamamagitan ng Mutual Logistical Support Agreement sa US. Tinangka nitong palobohin ang GDP sa pamamagitan ng mga dayuhang utang para sa pribadong konstruksyon at pagbebenta ng mga ari-arian ng estado sa mga dayuhang korporasyon upang makalikom ng pondo para sa pagpapatakbo ng gubyerno. Ang mga paghahabol sa ekonomyang pag-unlad ay gumuho nang tamaan ang Pilipinas ng Asian Financial Crisis noong 1997.

Nilagdaan ng rehimeng Estrada ang CARHRIHL noong 1998 ngunit pinutol ang usapang pangkapayapaan noong Mayo 29, 1999 matapos mabihag ng mga BHB si General Obillo at matapos na tutulan ng NDFP ang desisyon ng rehimen sa Visiting Forces Agreement, na lalo pang bumaligtad sa pagbabawal sa mga base militar ng US sa Pilipinas. Habang ang mga pinsala na idinulot ng ‘Kaliwang’ oportunismo sa rebolusyonaryong kilusan ay naisaayos na at ang BHB ay lumalaki na nang mas mabilis. Noong maagang bahagi ng 2001, ang pambansa-demokratikong kilusan ay nasa pusisyon na upang patalsikin ang rehimeng Estratda, na noo’y naging bantog sa korapsyon.

Binangkarote ng rehimeng Ramos at ng Asian Financial Crisis ng 1997 ang reaksyunaryong gubyerno kung kaya't natulak ang rehimeng Estrada na magsariling magpalitaw ng pera sa pamamagitan ng pagdambong sa *social security systems*, kumuha ng mga komisyon mula sa mga utang para sa mga kaduda-dudang mga proyekto sa negosyo at makopo ang malaking bahagi ng mga suhol mula sa mga sindikato sa sugal. Mabilis na nalantad ang rehimen at nawalang puri dahil sa korapsyon. Lumitaw ang isang malapad na nagkakaisang prente ng mga pwersa laban sa korapsyon upang patalsikin ito kahit hindi pa man naaabot ang kanyang *mid-term*.

Dahil nakinabang sa pagpapatalsik kay Estrada, ang rehimeng Arroyo sa simula ay mapagkaibigan sa ligal demokratikong mga pwersa bilang pangunahing bahagi ng malapad na nagkakaisang prente na nagpataksik kay Estrada. Muling binuksan ang negosasyong pangkapayapaan at lahat ng mga dating kasunduan ay muling pinagtibay. Ngunit matapos lamang ang tatlong buwan sa poder, sumuko na si Arroyo sa mga presyur ng reaksyonaryong militar at ipatupad ang isang estratehikong planong tinaguriang Lambat Bitag na may kahambugang nakatuon sa pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan. Pinagsama dito ang paggamit ng mga pambabalang pagpaslang at "ligal na opensiba" ng pag-imbento ng mga gawa-gawang kriminal na kaso upang takutin at arestuhin ang pinaghihinalaang mga rebolusyonaryo.

Nakinabang ang rehimeng Arroyo sa muling pagluluwag sa pautang ng mga dayuhang bangko. Kung gayon, muling sumigla ang pribadong konstruksyon at ang pandarambong ng mga likas na yaman. Upang lalong palakasin ang kanyang pinansyal na pusisyon, tinaasan ng rehimeng Arroyo ang mga bayaring buwis ng pangkaraniwang mga konsyumer. Nawalan ito ng kredibilidad dahil sa pagiging korap at pagpasok sa mga di-pantay na kasunduan sa mga korporasyong Chinese. Nahinog ito para sa pagpapatalsik ng kilusang masa. Ngunit kinapos na sa oras ang pagsasaayos ng malapad na nagkakaisang prente para dito. Nabigo ang mga anti-Arroyong bloke sa reaksyunaryong armadong pwersa na makabig ang *chief of staff* na sumama sa pagpapatalsik kay Arroyo.
Nagpanggap ang rehimeng Arroyo na para ito sa usapang pangkapayapaan sa rebolusyonaryong kilusan. Ngunit hindi nagtagal ay napailalim ito sa presyur ng mga maka-US na opisyal militar upang pahinain ang balangkas ng usapang pangkapayapaan at tuluyan nang abandonahin ang usapang pangkapayapaan. Ipinatupad ng rehimen ang Oplan bayanihan, na dinisenyo ng mga tagapayong militar ng US at mga papet na opisyal ng reaksyunaryong armadong pwersa.

Pumasok ito sa Enhanced Defense Cooperation Agreement sa US upang mapahintulutan ang mga base militar ng US sa loob ng mga kampo militar ng mga papet.

Nagpatuloy sa paglakas ang digmang bayan sa kabila ng litaw na kolaborasyon sa pagitan ng mga tauhang militar ng US at mga pwersang papet sa sarbeylans, saywar at operasyong kombat.  Ngunit ang mabilis na paglakas ng BHB sa Mindanao ay tiyak na dahil sa opensibang militar. Sa Luzon at Visayas, lumawak ang baseng masa sa maraming erya. Ngunit ang problema ng konserbatismo ay naging litaw na litaw. Binubuo ito ng labis na pagdidiin sa gawaing masa at labis na dispersal ng armadong tim sa propaganda at kapabayaan sa tungkuling maglunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa reaksyunaryong armadong pwersa.

Tulad ng mga nakaraang rehimen, ang rehimeng Aquino ay korap, partikular sa paggamit ng pondo ng *pork barrel*. Ngunit umani ito ng papuri sa pagpapadala nito sa mga kulungan ng malalaking bilang ng mga mandarambong, kabilang na ang nagdaang presidente na si Arroyo. Ang ekonomya ng Pilipinas ay napapanatili sa pamamagitan ng mataas na pagbubuwis, mga remitans ng Pilipinong kontraktwal sa ibang bansa at ang pagdagsa ng mga pamumuhunang *portfolio* mula sa mga imperyalistang bansa. Napakaliit na trinabaho ng makinarya sa propaganda ng mga Marcos sa pamamagitan ng *social media* upang pulaan ang lahat ng mga rehimeng sumunod kay Marcos at maling ilarawan ang yugto ng pasistang diktadura ni Marcos bilang marangal na yugto.

Ang meyor ng Davao City na si Duterte ay nagposturang ‘Kaliwa’ at “sosyalista” upang makaani ng pambansang pusisyon at makawala sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao laban sa kanya sa pagpatay sa mga pinaghihinalaang mga kriminal at adik sa droga. Ngunit nasa likuran niya ang mga maka-US na upisyal militar at pinopondohan ng mga Chinese na kriminal na sindikato at ang mga nakabase sa Luzon ng mga dinastiya ng Marcos, Arroyo, Estrada at iba na nagpanalo sa kanya sa eleksyong 2016. Mula simula, ipinagpatuloy ng rehimeng Duterte ang Oplan Bayanihan ni Aquino. Kasabay nito, nagpanggap ito na para sa usapang pangkapayapaan at naghirang ng tatlong progresibong mga personalidad sa kanyang gabinete na ilalaglag niya din lamang nang halos wala pang isang taon.

Ang rehimeng Duterte ay isang sagad sa kataksilan, uhaw sa dugo, korap at doble-karang rehimen. Tiniyak nito sa US na madudurog niya ang

rebolusyonaryong kilusan at magbibigay ng ibayo pang mga pribelihiyo sa mga korporasyong US sa pamamagitan ng *charter change* tungong pederalismo. Gayundin, pinapayagan nito ang China na magtayo at mag-militarisa ng mga artipisyal na mga sila sa *exclusive economic zone* ng Pilipinas kapalit ang mataas na interes na pautang at labis na mahal na mga proyektong imprastruktura.

Nakipagsabwatan din ito sa mga sindikatong kriminal na mga Chinese sa ismagling at distribusyon ng mga iligal na droga at iba pang kalakal. Ang pekeng gera sa droga ay sinangkalan upang maging ultimong protektor ng droga si Duterte at upang ipalaganap ang linya na makatarungang gamitin ng rehimen ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang upang lutasin ang mga pambansang problema.

Sa loob ng wala pang isang taon matapos maluklok sa kapangyarihan, pinutol ni Duterte ang usapang pangkapayapaan sa NDFP ay ibinasura ang lahat ng mga naunang mga kasunduan mula sa sa panahon ng rehimeng Ramos. Itinuring niya bilang teroristang organisasyon ang CPP at BHB at lumikha ito ng isang *national task force* upang durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng paraan, kasama yaong ginamit sa pagpaslang ng mga *drug suspect*.

Ang mga pinaghihinalaang rebolusyonaryo maging ang mga kritiko at ligal na oposisyon sa rehimen ay ipinapailalim sa *red tagging* at paninirang-puri para sa harasment, pagdukot at pamamaslang. Subalit ang sambayanang Pilipino at ang rebolusyonaryong kilusan ay determinadong labanan at gapiin ang rehimeng Duterte, na responsible sa pagbebenta ng mga soberanong karapatan, malubha at sistematikong paglabag sa mga karapatang-tao, burukratikong korapsyon at ang  lumalalang sosyo-ekonomikong kalagayan.

**Mga prospek ng anti-imperyalistang pakikibaka at digmang bayan**

Ang hayagang paghaharing teror sa ilalim ng rehimeng Duterte ay isang manipestasyon ng kabulukan at pagkabulok ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing  sistema. Ang krisis ng sistemang ito ay naging mas malala kung kaya't ang mga naghaharing-uri ng mga malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista ay hindi na kinakayang maghari sa dating paraan sa pamamagitan pagsasalamangka ng ilusyon ng demokrasya habang pinatitindi ang pagsasamantala at pang-aapi sa bayan.
Ginatungan ng pasistang diktadurang Marcos ang paglagablab ng digmang bayan mula 1972 hanggang 1986, gayundin ang walang habas na kampanya ni

Duterte na patindihin ang mga mapanupil na hakbangin upang matupad ang kanyang balak na largadong pasistang diktadura na nagtulak sa sambayanang Pilipino  na lumaban, maggiit ng pambansang kalayaan at demokrasya laban sa imperyalismo at pagkatuta at patindinhin ang digmang bayan upang kamtin ang bagong demokratikong rebolusyon. Tulad ng pasistang rehimen ni Marcos, ang tiranikong rehimen ni Duterte ay walang malay na lumilikha ng mga obhetibong kalagayan at nagtutulak sa mga suhetibong salik para sa paglakas at pag-abante ng mga rebolusyonaryong pwersa sa digmang bayan.

Ang mga manggagawa at magsasaka ay nakararanas ng pinakamatitinding anyo ng pagsasamantala at ang kanilang mga lider at abugado ay nakararanas ng ekstrahudisyal na pamamaslang.  Ang mga katutubong mamamayan at mga magsasakang setler ay nakaranas ng pambobomba, masaker at sapilitang ebakwasyon upang magbigay-daan sa dayuhan at lokal na pagmimina, mga plantasyon at mga korporasyon sa *real estate*.

Ang pagtigil ni Duterte sa usapang pangkapayaan sa pagitan ng GRP at NDFP ay may layining isisi sa mga rebolsuyonaryong  pwersa ang armadong labanan at ibigay sa kanya ang lahat ng lisensya upang gawin ang kanyang bigong pakanang pasistang diktadura.

# MGA REKISITOS PARA SA REBOLUSYONARYONG MAKAURING PAKIKIBAKA AT SA PAGTATATAG NG SOSYALISTANG HINAHARAP

SETYEMBRE 2019

Introduksyon

Mayroong limang pangkalahatang rekisito para sa pagtatatag ng sosyalistang hinaharap. Una, matuto mula sa istorikal na karanasan ng rebolusyonaryong proletaryado sa pagtatatag ng sosyalismo sa ika-20 siglo. Pangalawa, gagapin ang potensyal ng sosyalistang rebolusyon sa iba’t ibang  bayan sa

kasalukuyang sirkumstansya. Pangatlo, buuin ang mga suhetibong pwersa ng rebolusyon, tulad ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado, ang mga pangmasang organisasyon, mga epektibong alyansa, ang BHB o mga yunit pananggol-sa-sarili at mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Pang-apat, isulong ang iba't ibang anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka upang ibagsak ang makauring diktadura ng burgesya. Ikalima, itatag ang sosyalistang estado ng proletaryado sa batayan ng malawak na alyansa ng mamamayan at ilunsad ang nagpapatuloy na sosyalistang rebolusyon sa mga larangan ng pulitika, sosyo-ekonomiya at kultura.

**Matuto sa istorikal na karanasan sa pagtatatag ng sosyalismo!**

Sa pag-usbong at pag-unlad ng industriyal na kapitalismo, hindi maiiwasan ng uring kapitalista na likhain at paramihin ang uring manggagawa na kanyang huhuthutan ng labis na halaga at magbibigay-daan sa akumulasyon ng kapital. Isang katotohanan na ang modernong proletaryadong industriyal ang pinakaabanteng produktibong pwersa. At sa landas ng makauring tunggalian laban sa pagsasamantala at pang-aapi, naging isa itong pinakaabanteng pampulitikang pwersa na may kakayahang palayain ang kanyang sarili at ibang pinagsasamantalahang uri, pagtatatag ng sosyalismo bilang resulta ng pag-unlad nya sa ideolohiya, pulitika at organisasyion upang labanan at ibagsak ang mapagsamantala at lubog-sa-krisis na kapitalistang sistema.

Bilang rebolusyonaryong uri para sa sarili at para sa ibang pinagsasamantalahang uri, kalahok at benepisyaryo ang uring manggagawa sa tatlong yugto ng pag-unlad ng rebolusyonaryong teorya at praktika. Sa unang yugto, sa panahon ng malayang kumpetisyon ng kapitalismo, inilatag nila Marx at Engels ang mga batayang prinsipyo ng Marxismo sa pilosopiya, ekonomiyang pampulitika at siyensyang panlipunan at naglunsad ng mga panimulang pagsisikap para itatag ang kilusang Komunista at manggagawa. Sa ikalawang yugto, sa panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, nakapangibabaw sa rebisyunismo at oportunismo ng Ikalawang Internasyunal at ng mga Menshevik ang pinamunuang Bolshivek nina Lenin at Stalin upang pamunuan ang Rebolusyong Oktubre na nagpabagsak sa Tsaristang paghahari at nagtatag ng sosyalistang estado, matagumpay na isinulong ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa Soviet Union.

Matapos mamatay si Lenin noong 1924, inihatid ni Stalin sa matagumpay na kongklusyon ang New Economic Policy. Isinulong nya ang serye ng limang-taong pang-ekonomiyang plano para sa sosyalistang industriyalisasyon, ng kolektibisasyon at mekanisasyon ng agrikultura, ng pagsasanay sa

edukasyon at pagdedeploy ng malaking bilang ng mga syentista at inhinyero, pagtataguyod ng sosyalistang kultura at sining at pagpapakilos sa mamamayan ng Soviet ng iba't ibang nasyunalidad. Matapos ang pag-aresto at paglilitis sa mga traydor noong dekada 1930, hindi mahanap ng paniktik ng German Nazi ang ikalimang kolum para sa pananakop ng Nazi. Matagumpay na pinamunuan ni Stalin ang Dakilang Patriyotikong Digmaan laban sa mga pasista na pumatay ng 27 milyong mamamayang Sobyet at nagwasak sa 85% ng industriyang Sobyet. Itinuloy nya ang pag-iindustriyalisa sa Soviet Union sa ikalawang pagkakataon at hinikayat ang mga pinagsasamantalahang bayan at mamamayan ng daigdig na lumaban para sa pambansang pagpapalaya at sosyalismo.

Sa kaparehas na panahon ng Leninistang pag-unlad ng Marxismo, ang Communist Party of China sa pamumuno ni Mao ay nakalikha ng mas malaki pang butas sa imperyalistang prente sa Silangan sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at pagsusulong ng sosyalistyang rebolusyon. Dapat na bigyang-pugay si Mao sa konsolidasyon ng mga rebolusyonaryong tagumpay sa gitna ng pagwawasak na dulot ng pananakop ng Japanese at gera sibil na pinakawalan ng Goumindang, ang batayang sosyalisasyon ng ekonomiyang Chinese, ang Dakilang Igpaw Pasulong ng sosyalistang industriya upang makapagtayo ng mga komuna, sosyalistang kilusang edukasyon, kritika ng at pagpapaunlad ng modelong Soviet ng pang-ekonomiyang pag-unlad at mahalagang suportang ibinigay ng China sa mamamayan ng Korea at ng mamamayang Indochinese sa kanilang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at sosyalismo laban sa agresyon ng imperyalismong US at lahat ng mamamayan ng Asia, Africa at Latin America.

Naging responsibilidad ni Mao na komprontahin ang bigay-todong penomenon ng modernong rebisyunismo ni Khrushchov, at pagkatapos kay Brezhnev. Binigyang-daan nito ang ikatlong yugto, ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, noong isinulong ni Mao ang teorya at praktika ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado sa pamamagitan ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura upang bakahin ang modernong rebisyunismo, pigilan ang panunumbalik ng kapitalismo at konsolidahin ang sosyalismo. Namayani ang GCPR mula 1966 hanggang 1976. Subalit ibinagsak ng kudetang pinamunuan ni Deng Xiao Ping, sa tabing ng kumbinasyon ng mga maka-Kanan at mga sentrista, ang sosyalistang estado at sinimulan ang serye ng mga kapitalistang reporma. Ito ay pag-uulit ng kudeta na pinamunuan ng punong rebisyunistang Krushchov sa Soviet Union noong 1956.

May krusyal na kahalagahan para sa mga syentipikong sosyalista at mga Komunista ngayon na pag-aralan ang istorikal na kasaysayan ng rebolusyonaryong proletaryado sa pagtatatag ng sosyalismo. Kailangan nating maunawaan ang dakilang sosyalistang mga tagumpay ng proletaryado, ng sangkatauhan at kanilang pamumuno sa larangan ng pilosopiya, pulitika, lipunan, ekonomiya at kultura laban sa imperyalismo, rebisyunismo at oportunismo. At kailangang punahin at itakwil ang 'Kaliwa' at Kanang oportunistang kamalian ng ilang namumuno sa ilang panahon at ang pinakamalaking kamaliang modernong rebisyunismo, na nagwasak sa sosyalismo sa ilalim ng pagkukunwang malikhaing pagpapaunlad nito gamit ang mga kapitalistang reporma. Ang mga positibo at negatibong aral sa nakaraan ay pamanang dapat na mapaghanguan ng aral.

Sistematikong ginagamit ng mga imperyalista at kanilang mga petiburgesyang tagasunod ang mga kahinaan ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon, laluna mula 1917 hanggang 1956 sa Soviet Union at mula 1949 hanggang 1976 ng China, upang atakehin ang buong rebolusyonaryong layunin ng sosyalismo. Ginagamit nila ang mapurol na sikolohikal na panloloko ng paninira kila Stalin at Mao bilang mabilis na paraan para siraan ang sosyalismo, ang proletaryado, mamamayan at Partido na nagtatag ng sosyalismo. Sa panahong may umiiral na alinman sa pinakamaingay o pinakapailalim na anti-komunistang propaganda saanman, dapat na mapagpasyang itaguyod ng mga Komunista at rebolusyonaryong mamamayan ang kanilang mga prinsipyo at militanteng gampanan ang kanilang mga tungkulin.

Sa humaba nang panahon ng estratehikong pag-atras ng pandaigdigang kilusang Komunista, bilang resulta ng mga rebisyunistang pagtataksil sa sosyalismo, mukhang limitado at walang epekto sa pandaigdigang saklaw o sa ilang bansa ang saklaw at impak ng mga rebolusyonaryong gawain sa ideolohiya at pulitika ng mga matiyagang Komunista. Maaring magmukhang hindi matalu-talo ang mga imperyalista sa paghahasik ng pinakabrutal na tipo ng makauring pakikibaka at agresibong digma habang ninanakaw ng mga repormistang petiburges at mga neo-rebisyunista ang pakikibaka mula sa mga rebolusyonaryong Komunista. Pero ang matatag at matibay na gawaing pang-ideolohiya at pampulitika ng mga rebolusyonaryong Komunista ang kalauna'y mangingibabaw, higit na palalakasin ng higit na papalalang krisis ng naghaharing sistemang burges at tiyak na tutungo sa pagdaluyong at paglawak ng rebolusyonaryong kilusan.

## Gagapin ang potensyal para sa sosyalistang rebolusyon sa kasalukuyang kalagayan!

Sa kasalukuyan, lahat ng mayor na kontradiksyon ng pandaigdigang sistemang kapitalismo ay umiigting. Ito ang kontradiksyon sa pagitan ng mga monopolyo burgesya at manggagawa ng imperyalistang bansa; sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at pinagsasamantalahang mamamayan at bayan; sa pagitan ng mga imperyalista at mga bansang naggigiit ng pambansang kalayaan; at sa pagitan ng mga imperyalista mismo. Ang mga obhetibong kalagayan ay paborable para sa paglulunsad ng rebolusyon. Ang malawak na masa ng sambayanan ay higit na nagdurusa at naghahangad ng rebolusyonaryong pagbabago. May mataas na potensyal para sa pagbangon ng mga rebolusyonaryong pwersa para sa demokrasyang bayan at sosyalismo laban sa imperyalismo.

Sa mga imperyalistang bansa, pinalala ang kontradiksyon sa pagitan ng mga monopolyong burgesya at mga manggagawa ng mabilis na pag-abante ng paggamit ng mataas na antas ng teknolohiya sa produksyon, distribusyon, pinansya at komunikasyon at ang pagpapatindi ng pagpiga-sa-tubo ng mga monopolyong burgesya sa ilalim ng mga neoliberal na patakaran sa ekonomya. Naging higit na paulit-ulit na mas madalas at mas malala ang krisis ng labis na produksyon. Ang mga pagtatangka ng mga monopolyong burgesya para kontrahin ang krisis ng labis na produksyon at ang tendensya ng pagbagsak ng tubo gamit ang iba't ibang pakana sa kapitalistang pinansya, pangunahin ang pagpapalaki ng suplay ng pera at ang utang para paandarin ang produksyon at pagkonsumo, nagresulta ito ng krisis matapos ang isa pa bago ang pampinansyang krisis noong 2008, na nagdulot ng matagalang pandaigdigang depresyon.

Ang kontradiksyon sa pagitan ng panlipunang karakter ng produksyon at ang pribadong moda ng apropriyasyon ay lubusang naging hayagan at ang pagka-mapangwasak at wala-sa-katwiran ng kapitalismo ay matamang makikita sa mataas na tantos ng kawalang trabaho, mababang kita ng mga manggagawa, pagbagsak ng kabuhayan ng mga panggitnang-uri at ang paglaki ng karalitaan at kahirapan ng mamamayan kahit ng mga imperyalistang bansa. Ngunit ang bumubwelong paglaban ng mamamayan ay hindi pa nagiging malakas na paggigiit para sa pagbabago ng sistema at para sa sosyalismo dahil hindi pa naitatayo ang mga rebolusyonaryong partido ng proletaryado o mahina pa ito, maliit at mahina para mangibabaw sa matagalang inilulunsad at kasalukuyang

estratehiya at taktika ng pagsupil at panlilinlang ng estado at pribadong kasangkapan ng monopolyong burgesya.

Ang kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng aping mamamayan at bayan ay higit na lumalala kaysa dati. Sa katunayan, pinalubha ang neokolonyalismo sa kalakhan ng mahihirap na bansa sa paninibasib ng neoliberalismo. Nagdurusa ang malawak na masa ng sambayanan dahil sa pagtaas ng antas ng pagsasamantala, pang-aapi at agresyon. Hinaharap nila ang pangunahing bagsik ng imperyalismong pandarambong at digmaan. Kahit sa mga tinatawag na umuusbong na pamilihan na pinapaburan ng mga imperyalistang paglalabas ng manupaktura at ispesyal na pagdaloy ng *hedge funds*, nagdurusa ang mamamayan sa kawalang-trabaho, pagbaba ng tunay na kita at iba pang masaklap na epekto ng pandaigdigang depresyon.

Bilang resulta ng matinding pang-aapi at pagsasamantala, may mga rebolusyonaryong partido ng proletaryado na nagpupunyagi sa armadong rebolusyon para sa pambansang pagpapalaya, demokrasyang bayan at sosyalismo sa ilang atrasadong bansa. May mga katulad ding partidong naghahanda para sa armadong rebolusyon. Kung saan pinakawalan ng mga imperyalista ang gerang agresyon, kabilang ang Afghanistan, Iraq, Libya at Syria, nagpapatuloy ang pampulitika at panlipunang ligalig sa mga Islamikong grupo at mga etno-lingguwistikong komunidad at nagbangon ang mga magkatunggaling hukbo. Subalit wala pang partido komunista ang nakapagsamantala sa ganitong mga kalagayan.

Umiiral pa ang mga Partido Komunista sa mga bansang dating pinamumunuan ng mga rebisyunista pero hindi pa umaalpas sa parlamentaryong pakikibaka. Ilang bayan tulad ng Cuba, Venezuela, Bolivia at ang Democratic Peoples Republic of Korea ang siyang umuungos ngayon na nagtataguyod ng pambansang kasarinlan at mga sosyalistang aspirasyon laban sa blokeyo at probokasyon ng imperyalismong US. Naninindigan sila, kahit na nagtagumpay ang US sa pagpapabagsak ng gubyerno ni Qaddafi sa Libya at patuloy sa pakanang pagpapabagsak sa gubyernong Assad ng Syria para sa kapakinabangan ng tambalang US-Israel sa Middle East Asia.

Ang kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan sa mga usaping pang-ekonomiya, pinansya, seguridad at iba pang patakaran ay mabilis na nalalantad. Takot na takot ang US sa lumalaking tendensyan ng Russia at China na kumilos nang nagsasarili at hamunin ang istatus nito

bilang nangunguna at solong imperyalistang kapangyarihan, salungat sa nakaraang panahon na ipinagmamayabang ng US ang ganap na panunumbalik ng kapitalismo sa dalawang bansa at ipinahayag ito bilang pagkagapi sa sosyalismo. Taksil sa sosyalismo ang mga naghaharing partido ng Russia at China pero inihatid nila ang sarili sa mataas na antas ng kapitalistang kapangyarihan ang mataas na pakahulugan ng soberanyang kapangyarihan at panlipunang kapital na natamasa nila sa ilalim ng sosyalismo.

Higit na tumindi ang pakikibaka para sa muling pagkakahati-hati ng daigdig. Tunggalian ito para sa pagmumulan ng murang lakas-paggawa at hilaw na materyales kabilang din ang para sa mga pamilihan, larangan ng pamumuhunan at saklaw ng  impluwensya. Kinamumuhian ng US ang Shanghai Cooperation Organization na itinapat sa NATO, ang pagtatayo ng pang-ekonomiyang bloke ng BRICS, ang Eurasian na alyansang pang-ekonomiya at  pangseguridad ng China at Russia at ang Belt Road Initiative. Kaya sa ilalim ni Obama, isinulong niya estratehikong pagpihit sa East Asia bilang pantapat sa paglakas ng China at lumikha ng mga probokasyon sa mga hangganan ng Russia para sa pagdedestabilisa ng Russia.

Sa ilalim ni Trump, inumpisahan ng US ang gera sa kalakalan laban sa China, pinaigting ang *sanction* laban sa Russia at nagpakawala ng interbensyong militar at gerang agresyon sa nagkakailang rehiyon. Ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista sa kalahatan at mga imperyalistang gera sa partikular, ang nagbibigay ng oportunidad sa mga umuunlad na rebolusyonaryong gera sibil para sa pambansang pagpapalaya at sosyalismo. Tandaan natin kung paano umusbong ang mga unang sosyalistang estado sa koneksyon ng Unang Digmaang Pandaigdig at maraming sosyalistang bansa sa koneksyon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

**Buuin ang mga suhetibong pwersa ng rebolusyon!**

Kaugnay sa mga obhetibong kalagayan bilang sistema ng pagsasamantala, ang krisis at sa kalagayan ng mga ispontanyong masa, ang suhetibong pwersa ng rebolusyon ang mga solidong organisasyon ng mamamayan na mataas ang kamulatan na deteminadong maglunsad ng iba't ibang porma ng rebolusyonaryong pakikibaka para ilantad, ihiwalay at tuluyang wasakin ang naghaharing burges na sistema. Upang durugin at wasakin ang estadong burges at itatag ang proletaryado o sosyalistang estado ang layunin ng siyentipikong sosyalismo. Kailangan ang iba't ibang tipo ng organisasyon para sa ganitong layunin.

Kung ang uring burgesya ang uring nagtatag at nagpaunlad ng kapitalismo, ang modernong industriyal na proletaryado ang uring magtatatag at magpapaunlad sa sosyalismo. Anuman ang antas ng kanilang kamulatan hinggil sa sosyalismo sa anumang panahon o anuman ang antas ng impluwensya sa kanila ng mga ideyang petiburges at anti-sosyalismo, may mga interes ang mga manggagawang *blue collar* at *white collar* sa pwersa ng paggawa na patuloy na marahas na inaatake ng mga monopolyong burgesya at anumang oras, pukawin silang maghimagsik kung hindi na kaya pang magtimpi. Sila ang obhetibong higit na nakararami sa mga higit na maunlad na kapitalistang ekonomya, kumpara sa minorya ng mga kapitalista at kanilang mga kasabwat na mataas-ang-sweldo. Nasa kanila ang potensyal para maging mulat upang maiwaksi nila ang paghaharing burges at kayang patakbuhin at palawakin ang pambansang industriyal na ekonomiya nang wala ang mga burges na nagmamay-ari at mga manedyer.

Kahit gaano man kalaki ang bilang ng mga magsasaka sa isang bansa, hindi nito kayang pamunuan ang sosyalistang rebolusyon dahil sa kanyang perspektiba, na sa pinakamabuti ay ariin ang lupa sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyon at reporma, at ang posibilidad para sa sosyalistang kooperasyon at mekanisasyon ay posible lamang sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado. Sa anumang bilis, hindi maaagaw at mahahawakan ng proletaryado ang kapangyarihan nang walang malakas na alyansa sa magsasaka sa anumang agraryong bansa. Ang makauring tendensiya ng uring petiburges ay para magsilbi sa burges na sistema at umangat pa nga sa antas ng malaking burgesya. Kinailangang baguhin mismo ni Marx ang kanyang mga petiburges na pananaw at nagpanibagong-hubog tungong isang rebolusyonaryong proletaryado upang maging isang syentipikong sosyalista.

Ang pinakamahalagang suhetibong pwersa na itatatag para sa sosyalistang rebolusyon ay ang partido ng rebolusyonaryong proletaryado—ang Partido Komunista o ang Partido ng manggagawa. Ito ang abanteng destakamento ng buong uring manggagawa at kilusang paggawa. Pinatatatag at pinalalakas nito ang sarili sa ideolohioya, pulitika at organisasyon para pagtagumpayan ang labanan para sa demokrasya sa pamamagitan ng pagpapakilos sa mga manggagawa at ibang pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan, upang durugin ang kapangyarihang pang-estado ng burgesya, at para itatag ang sosyalismo bilang transisyon tungong komunismo. Ipinalalaganap nito ang rebolusyonaryong teorya at praktika ng proletaryado. Ibinabandila at isinusulong nya ang pangkahalatang pampulitikang linya at ang estratehiya at taktika ng rebolusyonaryong pakikibaka. Nirerekluta bilang mga kasapi ng

Partido ang mga pinakaabanteng elemento ng rebolusyonaryong kilusang masa.

Dapat na sumalig sa masa at gumampan ng gawaing masa ang mga proletaryadong rebolusyonaryo. Dapat silang maglunsad ng panlipunang pagsisiyasat upang malaman ang mga batayang suliranin at batayang karaingan ng masa at kung paano sila pukawin, organisahin at pakilusin sila upang pagkaisahin at palakasin ang kanilang mga sarili laban sa kanilang mga makapangyarihang katunggali. Sa mga industriyalisadong kapitalistang bansa, dapat silang tumutok sa gawaing masa sa mga manggagawa at kanilang mga lugar-trabahuan at komunidad.  Dapat nilang buuin ang mga rebolusyonaryong unyon sa mga wala pang nakatayo at kahit man lamang bumuo at magparami ng mga selyulang komunista sa loob ng mga reaksyunaryong unyon. Dapat silang magtiwala sa mga manggagawa sa pagyakap sa rebolusyonaryong teorya at praktika ng kanilang sariling uri. Sa mga agraryan o atrasadong mga bansa, dapat din silang magtayo ng mga rebolusyonaryong unyon at asosasyon ng mga magsasaka at palakasin ang batayang alyansa ng dalawang uring ito. Dapat magtalaga ng mga kadre at organisador ang rebolusyonaryong partido ng manggagawa sa kanayunan upang pukawin, organisahin at pakilusin ang mga magsasaka at paunlarin ang mga proletaryadong rebolusyonaryo sa kanilang hanay.

Hindi sapat na itayo ang mga batayang organisasyon ng masang anakpawis ng manggagawa at magsasaka. Dapat na itayo ng  mga proletaryadong rebolusyonaryo at masang aktibista ang iba't ibang tipo ng organisasyon tulad ng mga kooperatibang bayan at organisasyon ng mga kabataan, kababaihan, guro, manggagawang pangkalusugan, manggagawang pangkultura at iba pang maralita. Dapat nilang hikayatin ang mga petiburgesya na buuin ang kanilang mga sariling progresibong organisasyon laban sa mga uring mapagsamantala at sumusuporta sa mga manggagawa at ibang nagtatrabahong mamamayan. Mahalaga ang rebolusyonaryong alyansa ng mga nagtatrabahong mamamayan sa mga progresibong organisasyon ng mga petiburges. Dala-dala ng progresibong petiburges sa sosyalistang layunin ang kanilang iba't ibang propesyunal at teknikal na kakayahan at magsisilbi bilang mga ahitador at tagahulma ng pampublikong opinyon. Nagiging alyadong mahalaga ang progresibong burges at kayang hubugin ang kanilang mga sarili bilang mga proletaryadong rebolusyonaryo.

Ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado ang sagot sa sentral na tanong ng rebolusyon kapag nagtatayo na ng hukbong bayan upang agawin ang

kapangyarihang pampulitika. Subalit, maaaring hindi pa hinog ang kalagayan upang itayo ang hukbong bayan sa ilang bansa. Sa paghahanda ng katayuang pagtatayo ng hukbong bayan at paglulunsad ng armadong rebolusyon, ang Partido at ang kaugnayang organisasyong masa ay kayang magtayo ng mga yunit pananggol-sa-sarili at ilunsad ang mga pangmasang pagsasanay para sa pagtatanggol sa sarili, subalit laging iniiwasan ang mga hindi kinakailangang probokasyon na tutungo sa hindi kinakailangan at wala-sa-panahong armadong labanan na magbibigay ng dahilan sa kaaway na maghasik ng puting teror laban sa rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Sa US at ibang bansa, usapin ito ng karapatan ng mga ordinaryong mamamayan na humawak ng sandata upang lumaban o pigilan ang estado na maling gamitin ang kanyang armadong kapangyarihan laban sa mamamayan. Kabilang ang pagdepensa-sa-sarili laban sa mga kriminal, kagustuhang mangaso at pagsapi sa mga *sports club* sa mga praktikal na lehitimong rason para sa pribadong pag-aari ng mga sandata.

Sa paglalapat ng estratehiya ng matagalang digmang bayan sa pamamagitan ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan sa mga di mauunlad na bayan, ang komite ng mamamayan sa paggugubyerno ay binubuo bilang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga lokal na komunidad. Kahit walang umiiral na rebolusyonaryong gera sibil, ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay maaaring itayo na may suporta ng mga organisasyong masa at kayang gumampan ng mga hindi marahas na tungkulin ng lokal na paggugubyerno sa komunidad ng mga uring anakpawis. Kahit sa pambansang antas, lilitaw ang alyansa ng mga progresibong pampulitikang partido at organisasyong masa at gumampan bilang gubyerno sa pagtatayo ng gabinete ng bayan (people's shadow cabinet) na may mga mayor na kagawaran na nagmomonitor at pumupuna sa patakaran at aksyon ng reaksyunaryong gubyerno at ipanawagan ang mga karaingan ng mamamayan at ng kilusang masa.

**Isulong ang iba't ibang porma ng pakikibaka para ibagsak ang kapitalistang sistema!**

Ang pagbubuo sa ideolohiya ang unang rekisito at nagpapatuloy na batayang tungkulin sa pagtatatag ng rebolusyonaryong Partido ng proletaryado. Ginagamit nito ang kaban ng Marxismo-Leninismo na isinulat ng mga komunistang paham at rebolusyonaryong lider sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka laban sa kapitalistang sistema, reaksyon at klasikal at modernong rebisyunismo. Ang mga sulating ito ang nagbibigay ng prinsipyo at kaparaanan

upang gabayan ang pagsusuri ng kasaysayan at sirkumstansya ng mamamayan ng isang bansa, ang pagbubuo ng isang rebolusyonaryong programa ng pagkilos at kongkretong praktika ng rebolusyon ng rebolusyonaryong proletaryado at mamamayan.

Higit na umuunlad ang teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo kaugnay sa mundo at mga partikular na bansa kung saan ito inilalapat. Kumprehensibo ito at malalim na sumasapol sa proletaryadong rebolusyonaryong pananaw at siyentipikong kaalaman sa pagpuna at pagtakwil sa makauring pagsasamantala at pang-aapi; sa pagguhit ng pangkalahatang linya sa pulitika, estratehiya at taktika; sa pagpupunyagi na wakasan ang kapitalistang sistema at sa paghahapag ng sosyalismo upang bigyang-daan ang komunismo. Nangangailangan ito ng kongkretong pagsusuri sa mga kongkretong kalagayan at pagsusubok sa mga ideya gamit ang panlipunang praktika. Itinutulak nito ang proletaryadong Partido na tunggaliin ang petiburgesyang suhetibismo sa anyo man ito ng dogmatismo o empirismo. Magbubunga ito ng isang Partidong mahusay na naaarmasan sa pagsabak sa isang tunggalian sa ideolohiya laban sa mga teorista at ideologong burges at matatag na binabaka ang mga di-proletaryadong ideya at tendensya sa loob ng Partido.

Nagsisilbi ang pagbubuo sa ideolohiya sa pagpapatatag sa pagbubuo sa pulitika ng proletaryadong rebolusyonaryong Partido at nagpapalakas sa linya sa pampulitikang pakikibaka laban sa malalaking burgesya sa iba't ibang kundisyon. Sa mauunlad na kapitalistang bayan, itinuturing ng proletaryado ang mga pwersa ng panlipunang produksyon bilang mga batayan para sa sosyalismo, subalit kailangan din niyang mapagtagumpayan ang labanan para sa demokrasya sa pagkabig sa mga petiburgesya at lahat ng aping sektor ng kapitalistang lipunan, upang mapakilos ang mayorya ng mamamayan para sa mga pag-aalsa upang ibagsak ang makauring diktadura ng burgesya.

Hindi kusang isusuko ng uring kapitalista ang kanyang kapangyarihan at kayamanan at gagamitin nito ang dahas at panlilinlang upang patuloy na hawakan ang mga ito at hindi siya magdadalawang-isip na gamitin ang pasismo upang supilin ang mga pwersa ng sosyalismo at ang mamamayan. Kaya't kinakailangan ng proletaryadong Partido na paunlarin ang kanyang rebolusyonaryong kilusang masa at ihanda ang kinakailangan para biguin ang terorismo ng estado upang itatag ang kapangyarihang pang-estado ng proletaryado. Hindi magagampanan ng proletaryado ang makasaysayang papel nito sa pagtatatag ng sosyalismo nang walang kapangyarihan pang-estado. Ito ang makauring diktadura ng proletaryado laban sa makauring burges na

diktadura at sa makasabay na panahon demokrasya para sa proletaryado at ibang mamamayan.

Sa mga atrasado at agraryong mga bansa, kung saan binubuo ng mga magsasaka ang mayorya ng populasyon, tangan ng rebolusyonaryong proletaryadong Partido ang linya ng demokratikong rebolusyong bayang pinamumunuan ng proletaryado ngunit pangunahing nakasandig sa alyansa ng manggagawa-magsasaka. Isusulong nito ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan na pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan upang makaipon ng pampulitika at armadong lakas para kalauna'y agawin ang kapangyarihan sa mga kalunsuran at hanggang sa pambansang antas. Dagdag pa sa batayang alyansa ng manggagawa-magsasaka, binubuo ng Partido ang iba pang mga alyansa at kinakabig ang mga peti-burgesya at mga pambansang burgesya at sinasamantala ang mga tunggalian ng mga reaksyunaryo.

Sa lahat ng klase ng bansa, ang mga ligal at iligal na porma ng pakikibaka ay kailangang isulong ng mga rebolusyonaryong proletaryado na namumuno sa malawak na hanay ng rebolusyonaryong pwersa. Kahit sa mga wala pang inilulunsad na armadong rebolusyon ng proletaryado at mamamayan, maaaring maging mapang-api ang burgesya at ipagbabawal ang mga aktibidad at pagkilos na maaaring ligal sa ilang panahon at ibang bansa. Kung sumusulong na ang armadong rebolusyon, posible pa at mahalaga ang ilang porma ng ligal na pakikibaka upang ihiwalay at pahinain ang kaaway. Sa kabuuang takbo ng mga bansa sa Ikatlong Daigdig, nagdurusa ang mamamayan sa bigat ng epekto ng imperyalistang pagsasamantala, pang-aapi at agresyon, kaya't ang kundisyon para sa paglulunsad ng rebolusyonaryong digma ay higit na paborable kaysa sa mga imperyalistang bansa. Ang pinakamainam na sitwasyon para sa pandaigdigang proletaryadong rebolusyon ay ang pag-uugnay ng mga rebolusyon sa mga bansang may iba't ibang antas ng pag-unlad.

Maaaring isulong ng rebolusyonaryong kilusang masa ang iba't ibang pang-ekonomiyang pakikibaka tulad ng mga welga at tigil-produksyon ng mga manggagawa at magsasaka, pagboboykot at pagbabawal ng mga produkto at negosyo ng mga imperyalistang kaaway, pagbubuo ng mga kooperatiba ng mga manggagawa sa industriya, kooperatiba ng mga artisano sa handikrap, reporma sa lupa at pagpapaunlad ng produksyong agrikultural. Subalit hindi ito maaaring buu-buong sumandig sa mga ito para mapasakamay ang

pambansang ekonomya. Ang pulitiko-militar na pakikibaka ang aagaw sa pang-ekonomiya at burukratikong opisina ng burgesya.

Dapat na isulong ng mga rebolusyonaryong proletaryado, mga aktibistang pangkultura at ang mamamayan ang pangkulturang pakikibaka. Maaari silang lumikha at magtaguyod ng gawaing pangkultura upang hikayatin ang mamamayan na lumahok at sumuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Subalit tanging ang pulitiko-militar na pakikibaka ang aagaw mula kontrol sa reaksyunaryo  sa mga hindi relihiyosong pangkulturang institusyon. Kahit noon pa, hindi tulad sa kapangyarihan at kayamanan ng malalaking burgesya na maaaring kumpiskahin, ang mga kaisipan, sentimyento at gawi ng mga reaksyunaryo ay magpapatuloy at maaaring mapangibabawan o mapagpasyang pigilan sa pamamagitan ng pagpupunyagi sa rebolusyonaryong edukasyon ng kasalukuyan at bagong henerasyon.

**Itatag ang sosyalistang estado at isulong ang sosyalistang rebolusyon sa lahat ng larangan!**

Matapos ang  pagwasak at pagdurog sa militar at burukratikong makinarya ng burges na estado, dapat na itatag ng rebolusyonaryong proletaryadong partido, ang proletaryado at ang malawak na masa ng sambayanan ang sosyalistang estado at isulong ang sosyalistang rebolusyon, itaguyod at ipaglaban ang pambansang kalayaan at sosyalistang rebolusyon, itaguyod ang sosyalistang demokrasya, isosyalisa ang mga pangunahing salik ng ekonomya, isulong ang reporma sa lupa at ibang burges na demokratikong reporma kung kinakailangan bilang hakbang pangtransisyon, isulong ang makabayan, syentipiko at sosyalisadong sistema ng edukasyon at kultura, itayo ang mga diplomatikong relasyon at ugnayang pangkalakalan sa lahat ng bansa at itaguyod ang proletaryong internasyunalismo at anti-inperyalistang pakikipagkaisa.

Dapat ipagtanggol at protektahan ng demokratikong kapangyarihang pang-estado ang proletaryado at mamamayan laban sa imperyalismo at mga uring mapagsamantala. Dapat nitong tiyakin at itaguyod ang pag-eehersisyo at pagtatamasa ng mga indibidwal at kolektibong karapatan ng malawak na masa ng sambayanan. Dapat na manguna ang rebolusyonaryong Partido ng proletaryado sa tamang pagharap sa mga kontradiksyon ng mamamayan at kailangang bigyang puwang ang pagpapatupad ng demokrasya. Dapat nitong tiyakin na mapag-iba ang mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan at sa

kontradiksyon sa pagitan ng mamamayan at kanilang kaaway.
Dapat taglayin ng estado ang republikanong sosyalistang konstitusyon at dapat na pinamumunuan ng rebolusyonaryong Partido ng proletaryado sa batayan ng partisipasyon at suporta ng malawak na masa ng sambayanan at kooperasyon sa iba pang demokratikong partido at masang organisasyon. Ang pangunahing bahagi ng kapangyarihang pang-estado ay ang hukbong bayan sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido at dapat na may kakayahang ipagtanggol ang pambansang kasarinlan at sosyalistang rebolusyon laban sa mga panloob at panlabas na panganib.

Dapat na ipagbawal ng konstitusyon ang imperyalistang panghihimasok at dominasyon at paghahari ng alinmang uring mapagsamantala. Dapat nagtataglay ito ng *bill of rights* na nagtitiyak ng pag-iral ng demokrasya sa hanay ng mamamayan at lahat ng makabayan at progresibong pwersa sa balangkas ng sosyalismo. Dapat itaguyod nito ang pagsasarili ng ehekutibo, lehislatura at hudisyal na sangay ng gubyerno sa antas ng distrito, kanilang mga kapangyarihan, tungkulin at paraan ng pangangasiwa sa kanila.

Dapat na nagtataglay ang pambansang kongreso ng mamamayan o parlamento ng mataas na Kapulungan ng Paggawa na nagtataguyod ng sosyalistang konstitusyon at nagtitiyak na ang lehislasyon sa mababang Kapulungan ng Publiko na tumatalima sa konstitusyon at sa mga sosyalistang prinsipyo, patakaran at plano para sa pagpapaunlad ng sistemang pampulitika, sosyo-ekonomiko at kultura. Ang mga myembro ng Kapulungan ng Paggawa ay dapat mga inihalal na kinatawan ng Partido at manggagawa ng mga mayor na industriya. Dapat na binubuo ng isang malaking kapulungan ang Kapulungan ng Publiko na kalahok ang mga kinatawan ng mga makabayan at progresibong uri, pwersa at sektor at pambansang minorya na inihalal ng mamamayan at mga nararapat na antas ng pampulitikang subdibisyon. Ang pambansang kongreso ng mamamayan o parlamento ay dapat na buuin sa mababang antas. At ang pambansang konsultatibong asembliya na bubuuin sa anumang antas upang ihanda at suportahan ang gawain ng kanilang kongreso at parlamento.

Sa panahong maitatatag ang sosyalistang republika, ang mga nangungunang salik ng ekonomiya tulad ng mga estratehikong industriya, pinagmumulan ng hilaw na materyales at mga mayor na paraan ng transportasyon at komunikasyon ay sasailalim sa pampublikong pag-aari. Maaaring gamitin ang mga hakbang sa transisyon para sa reporma sa lupa at iba pang burges na demokratikong reporma, pangibabawan ang mga resulta ng digmaan at mga blokeyo ng kaaway at muling pasiglahin ang ekonomya

sa pinakamabilis na panahong posible. Subalit isasalang sa tuluy-tuloy na proseso ng kooperatibisasyon at sosyalisasyon ang lahat ng hakbanging ito. Sa pinakamaagap na panahon, dapat na ipatupad ang isang serye ng limang-taong pang-ekonomyang plano upang paunlarin ang sosyalistang industriya, pagtutulungan at mekanisasyon sa agrikultura at ang mga serbisyong panlipunan sa edukasyon, gawaing pangkultura, kalusugan, pabahay, isports at libangan.

Dapat na magbigay ng mahusay na balanse ng alokasyon ng mga rekurso at pag-unlad ang sentralisadong pagpaplano ng ekonomya. Dapat nasa unahan ng pag-unlad ang mga estratehikong industriya at agrikultura ang base ng ekonomya, pagtitiyak ng pag-asa-sa-sarili sa pagkain at ilang mayor na hilaw na materyales. Pero sa mga magaang industriya, na magbibigay sa mga batayang kalakal ng konsumer at prodyuser at kahit mga serbisyong panlipunan, kailangang mapaunlad ang mga ito upang magsilbi sa kagyat na batayang pangangailangan ng mamamayan.

Dapat magkaroon din ng mahusay na balanse ng distribusyon ng pang-ekonomiyang tungkulin sa  kaunlaran sa pagitan ng mga sentral at nakabababang antas ng ekonomiya at panlipunang ministri o departamento. Ang layunin nito ay upang palawakin ang pang-ekonomiyang kaunlaran sa buong bansa, kahit ang mga iba't ibang antas  ng pagpoproseso na matatagpuan malapit sa mga pinagkukunan ng hilaw na materyales at ilang magaang industriya at panlipunang serbisyo na maaaring italaga sa mabababang antas ng pamamahala.

Sa sosyalismo, ang pangkalahatang prinsipyo ng kumpensasyon ng mamamayan ay tungo sa 'bawat isa ayon sa kanyang paggawa'. Mayroon pa ring pag-iiba sa sahod sa batayan ng kantidad at kalidad ng trabaho. Pero tiyak na ang pangangailangan ng mga nagretiro at ang mga hindi na kayang magtrabaho nang permanente o kahit pansamantala man lang (bata, kababaihang buntis, matatanda, magsakit, mga mayroong pisikal at mental na kapansanan at iba pa) ay ibibigay. Sa pag-angat ng produktibidad at paglawak ng produksyon, naging posible ang pagbaba ng bilang ng oras ng paggawa at pagtataas ng tunay na kita, hindi tulad ng kapitalistang sistema kung saan higit na pinabababa ang sahod upang palakihin pa ang pribadong tubo. Sa sosyalistang sistema, bukod sa pagtitiyak ng ganap na *employment* at pagtaas ng tunay na sahod, ang labis na halaga na dating pribadong inakumula ng mga nagsasamantala na magiging panlipunang kapital para sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng produksyon, imprastruktura, serbisyong panlipunan,

episyenteng pangangasiwa, siyentipiko at teknolohikal na pananaliksik at pag-unlad, malikhaing gawaing pangkultura at pampublikong pagtatanghal, kapabilidad sa depensa at pagpapaunlad sa kalikasan.

Makatotohanan at makatwiran na aasahan sa maraming partikularidad na ang sosyalismo ay susulong tungong komunismo. Ang pagtaas ng bilang at kalidad ng produksyon at ang episyenteng paggana ng organisasyon, ang pag-ikli ng oras ng paggawa at ang lumalaking tunay na kita at ang paglawak ng mga serbisyong panlipunan tungong lipunang walang-uri kung saan napupunan ang mga pangangailangan para sa kabuhayan, mahusay na kalusugan, libangan at kultura para i-angat ang indibidwal at ang buu-buong komunidad. Pero para ipahayag nang wala sa panahong pagpawi ng uri at ang makauring tunggalian at ang pagpawi ng estado ng manggagawa ay panghihikayat ng pag-abandona sa rebolusyonaryong proletaryadong paninindigan, pananaw at paraan ng pag-iisip. Nangangahulugan ito ng pagiging bulag sa pagpupursige ng mga sagad-saring reaksyunaryo at ang potensyal ng pag-usbong ng mga bagong burgesya sa sosyalistang lipunan at ang mga nagpapatuloy na banta mula sa imperiyalismo at ang pandaigdigang burgesya.

Ipinunto ni Lenin na tatatagal ang sosyalismo sa isang haba ng kasaysayang tulad ng isang epoka dahil sa pagpipilit na makapanatili ang imperyalismo at ang ilang-ulit na pagpapalakas ng paglaban ng natalong lokal na burgesya. Bilang panuntunan ng mga rebolusyonaryong proletaryado na paggalang sa kalayaan sa paniniwala at mga kaisipan, maaari pang magpursige at lumakas ang burgesya gamit ang burukrasya, mga relihiyosong institusyon at mga modernong pangkulturang institusyon bilang kublihan at tabing at sasakyan ang mga lumang kostumbre at kinasanayan na pumapabor sa reaksyunaryong pag-iisip at kilos. Kinilala ni Mao ang pag-usbong at paglakas ng penomenon ng modernong rebisyunismo sa paglaki ng petiburgesya bilang kanyang baseng-sosyal sa Soviet Union at Eastern Europe at gayundin ang pagpupursige ng burgesya sa sosyalistang lipunan sa China. Kung kaya, nilabanan nya ang modernong rebisyunismo mula noong dekada 1950 at kalauna’y isinulong ang teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.

Madaling maunawaan na isang kahangalan na itulak ang kaisipan ng pagpawi ng estado ng manggagawa habang nagpapatuloy ang imperyalismo sa pagdagan sa mamamayan ng daigdig. Matapos ang ganap na panunumbalik ng kapitalismo sa mga bansang dating pinamumunuan ng mga rebisyunista, madali ring maunawaan na ang modernong rebisyunismo ang

pinakamapanganib na lason sa sosyalismo. Pinatunayan na ng kasaysayan na posible ang pagtatatag ng sosyalismo sa isang bansa pagkatapos sa maraming bansa sa maraming dekada. Subalit hindi makakamit ang komunismo sa isang bansa nang hindi nagagapi ang imperyalismo, modernong rebisyunismo at reaksyon sa pandaigdigang saklaw. Kaya dapat na ikunsidera ng mga rebolusyonaryong proletaryado ang pagbibigay ng pinakamataas na pagpapahalaga sa pagtataguyod ng proletaryong internasyunalismo laban sa mga kaaway na anti-sosyalista at anti-komunista.

Dapat magkaisa ang rebolusyonaryong proletaryadong Partido at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng daigdig. Dapat silang magpursige na paunlarin ang mutwal na pagkakaunawaan, praternal na relasyon at mutwal na suporta at kooperasyon. Binibigyan ng buhay ang islogang, “Manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!”, dapat bigyang-halaga ng sosyalistang estado ang internasyunalistang pakikipagkaisa sa mga manggagawa sa pagtatayo at pagpapaunlad ng praternal na relasyon ng mga partido ng manggagawa at mga sosyalistang estado. Dapat itong magpursige na patibayin ang pakikipagkaisa sa lahat ng mamamayan, mga rebolusyonaryong partido at kilusang masa sa buong mundo upang labanan at biguin ang imperyalismo sa pandaigdigang saklaw. Sa pandaigdigang pagkatalo ng imperyalismo, uusbong ang komunismo.

# HINGGIL SA REBOLUSYONARYONG PAKIKIBAKA NG MAMAMAYANG PILIPINO PARA SA PAMBANSA AT PANLIPUNANG PAGLAYA

Mensahe para sa bagong taon
1 ENERO 2020

Pinatitindi ng masasamang pwersa ng imperyalismong US at ng lokal na reaksyon ang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng paggamit ng neoliberalismo at terorismo ng estado. Pinagdurusa nila ang mamamayan ngunit itinutulak sila na lumaban at maghangad ng rebolusyonaryong pagbabago. Sa ilalim ng pamumuno ng Communist Party of the Philippines, ang mamamayang Pilipino ay lumalahok sa bagong demokratikong rebolusyon laban sa malakolonyal at naghaharing sistema, na kasalukuyang kinakatawan ng rehimeng Duterte.

Ang rehimeng ito ay traydor, tiraniko, mamamatay-tao, korap at sinungaling. Sinubukan na nito ngunit nabigong takutin at linlangin ang mamamayan at siilin ang kanilang rebolusyonaryong pwersa. Ngunit nagtagumpay ito sa pagtulak sa kanila na maglunsad ng lahat ng porma ng rebolusyonaryong pakikibaka, laluna ng digmang bayan. Muli binabati ko ang mamamayang Pilipino para sa kanilang mga tagumpay sa kanilang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Sa pag-aalok ng usapang pangkapayapaan sa rebolusyonaryong kilusan, nasa balikat ni Duterte na patunayang gusto niyang baguhin ang maka-dayuhan at anti-demokratikong karakter ng kanyang rehimen at magkaroon ng mga kasunduan sa panlipunan, pang-ekonomya at pampulitikang mga reporma para pag-usapan ang ugat ng digmaang sibil at ilatag ang batayan para sa makatarungang kapayapaan. Pinaniniwala lamang niya ang kanyang sarili sa pagyayabang na ang rebolusyonaryong kilusan ay wala ng iba pang pagpipilian alinman sa sumuko o madurog.

Nasa mahinang mga taon na sya ng kanyang termino at ang kanyang seryosong mga krimen ay naglulugmok sa kanya at sa buo niyang rehimen. Higit siyang inihiwalay ng kanyang mga sariling krimen at ng malapad na nagkakaisang prente ng mga patriyotiko at progresibong pwersa. Kinamumuhian ng malawak na masa ng mamamayan ang kanyang rehimen sa pagpapataw ng

mga matitindi at hindi matiis na pang-aapi at pagsasamantala sa kanila at nagnanais na magbangon laban sa kanyang paghaharing teror at kasakiman.

Hindi maisasalba ng rehimeng Duterte ang sarili nito mula sa nakakahiyang pagtatapos sa pamamagitan ng pagsandal sa imperyalismong US o Chinese o sa pareho. Ang mga imperyalistang kapangyarihang ito ay walang ibang interes sa Pilipinas kundi ang magkamit ng hegemonya. Gusto ng US na mapanatili ang kanyang pangkabuuang hegemonya at ginagamit namang bentahe ng China ang korap na karakter ng rehimeng Duterte para makapagtayo ng estratehikong balwarte sa West Philippine Sea at sa buong arkipelago ng Pilipinas.

Ang dalawang imperyalistang kapangyarihan ay nakakulong ngayon sa umiigting na tunggalian para sa muling paghahati ng daigdig sa kapahamakan ng mamamayan ng buong daigdig. Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagpapatuloy sa paglala at umaani ng mga kundisyon para sa muling pag-usbong ng mga kilusang anti-imperyalista ng mamamayan at para sa pandaigdigang proletaryo-sosyalistang rebolusyon. Ang estratehikong pagbagsak ng imperyalismong US ay tutungo sa nakamamatay na kumpetisyon sa imperyalismong Chinese.

Mataas ang kumpyansa ng mamamayang Pilipino at ng kanilang rebolusyonaryong pwersa (ang Communist Party of the Philippines, ang Bagong Hukbong Bayan, ang National Democratic Front of the Philipines, ang mga organisasyong masa at ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika) na patuloy silang aani ng lakas at susulong sa gitna ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema ng malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista.

Nakatitiyak silang aani sila ng mas malalaking tagumpay sa bagong taon at pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba. Ikinakatuwa nila ang pakikiisa at nag-uumapaw na suporta ng mamamayan ng daigdig. Ang kanilang mga rebolusyonaryong tagumpay ay hindi lamang para sa kanilang benepisyo kundi para rin sa mga kilusang anti-imperyalista at kilusang sosyalista ng proletaryado at mamamayan ng daigdig.

Mabuhay ang mamamayang Pilipino at kanilang rebolusyonaryong pwersa!
Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan tungong sosyalismo!
Mabuhay ang anti-imperyalistang pagkakaisa ng mamamayan at proletaryong internasyunalismo!

# MABIBIGO ANG PAGBABAGO NG ITINAKDANG PETSA SA PAKANANG WASAKIN ANG BHB SA PAG-IGTING NG DIGMANG BAYAN

9 ENERO 2020

Dinagdagan ni Duterte ng tatlong taon pa ang huling petsa sa pakana nitong wasakin ang Bagong Hukbong Bayan. Tiyak na mabibigo ang pakanang ito bawat araw, bawat linggo, bawat buwan at bawat taon sa pagpapaigting ng BHB ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at gawaing masa. Hindi maisasakatuparan ng parehong militar at pulis ng parehong nagsasamantalang uri sa loob ng tatlong taon ang nabigo nitong isakatuparan sa loob ng 50 taon.

Sa susunod na tatlong taon, mahihirapan maging si Duterte na makapanatili sa pulitika. Mga hindi epektibong taon ito para sa kanya, sa panahong ang mga alitan sa hanay ng kanyang mga tagasunod ay magpapahina at ang mga hamon na susulpot sa naghaharing sistema maging sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Siniraan ni Duterte ang kanyang sarili sa unang tatlong taon sa mga pagtataksil at tiranikong mga hakbangin, malawakang pagpaslang at malawakang intimidasyon, labis na korapsyon, maling pangangasiwa ng ekonomya at pagdudulot ng hindi maampat na implasyon at pagbebenta ng soberanya sa West Philippine Sea sa China.

Kung nakahanda sana ang rehimeng Duterte na pumasok sa negosasyong pangkapayapaan nang may kaseryosohan at sinseridad upang lutasin ang mga ugat ng armadong tunggalian at bumuo ng mga kasunduang panlipunan, pang-ekonomiya at pampulitikang reporma, makakamit ang isang makatarungang kapayapaan sa mas maikli kaysa tatlong taon at sa mas maliit na gastos kumpara sa desperadong kampanyang militar ng kaaway na maraming utang na dugo at kaban ng bayan.

Ang problema sa rehimeng Duterte ay ang pag-iisip na ang negosasyong pangkapayapaan ay para lamang pasukuin at pasipikahin ang mga rebolusyonaryong pwersa at ang sinseridad ng NDFP ay masasalamin lamang sa kahandaan nitong sumuko sa hindi makatwirang naghaharing sistema ng malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista tulad ni Duterte.

Ang paggigiit na ilunsad sa bansa ang negosasyong pangkapayapaan ay sinadya ng rehimeng Duterte upang ilagay ang *negotiating panelist*, mga konsultant at *resource persons* ng NDFP sa ilalim ng paniktik, kontrol, pamumuwersa at manipulasyon at nagbababa sa istatus ng negosasyong pangkapayapaan sa pekeng lokalisadong usapan.

Malayang salin ng RIB sa ilalim ng KARED-TK
2020